

# HUMAYO, SABIHIN



. . . Magpatotoo, at ang munting kapatid na babae rian, sa palagay ko'y ipinapahayag nun ang awiting 'yun:

Oh, pag-ibig ng Diyos, dalisay at maringal!  
Di kayang huluin ni kaya mang gibain!

Napakadakilang araw nito para sa atin! Sige't taimtim lamang tayo, habang nakayuko ang ating mga ulo ngayon, awitin natin 'yun sa Panginoon bago lamang manalangin. Sige, Teddy, kung mamarapatin mo, bigyan mo kami ng kaunting tipa. At awitin lamang natin ito sa . . . habang nakayuko ang ating mga ulo, nakapikit ang ating mga mata, bago lamang manalangin.

Oh, love of God, how rich and pure!  
How measureless and strong!  
It shall for evermore. . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

<sup>2</sup> Kung ang tinta, ang lahat na tubig ay magiging tinta, at ang buong kalangitan nama'y gawing papel, at bawat tangkay sa lupa'y gawing panulat, at bawat tao'y atasan na pagsulat lamang ang pagkaabalahan, gayunma'y hindi nito kayang ipahayag ang pag-ibig ng Diyos sa nahulog na lahi ni Adan. Pinasasalamatang Ka po namin, Ama, dahil doon sa mahalagang Dugo ng Panginoong Jesus, at dahil sa di-malilimutang 'yun na umaga ng pagkabuhay na mag-uli, at dahil sa Iyong tumutubos na pag-ibig na ibinuhos sa aming mga puso ngayon, ng Espiritu Santo. Dalhin Mo po kami sa pakikisama sa Kanya, sa Banal na Siya, ang Manlilikha. Dalhin mo kami sa isang pagkakapatiran, sa lupa, na hindi kailanman nahihigitan. Walang samahan, walang panata, wala mismo't, hindi maikukumpara kailanman sa pagkakapatiran ng mga lalaki't babaing ipinanganak na muli. At kailanman ay magiging awitin ng mga banal at mga anghel!

<sup>3</sup> Dalangin po namin na sa araw na ito ay Iyo pong pagpalain ang lahat ng gagawin namin sa pagsusumikap na ipahayag, ang aming—ang aming pasasalamat sa aming mga puso sa Iyo, dahil sa ginawa Mo para sa amin. At ang malaman na hindi lamang ang puso ng mga alagad ang napasaya noong umagang 'yun, sina Maria at Maria Magdalena, kundi pati kami, ang Iyong mga alagad sa panahong ito, nagagalak ang aming mga puso noong oras na malaman naming hindi Siya patay, kundi buhay. Manatili nawa Siyang buhay magpakailanman sa aming mga puso, sa aming piling. Amin pong hinihiling ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Walang sinuman kailanman ang makapagsasaysay nang lubos ng pagkabuhay na mag-uli!

4 Ngayon, sa umagang ito ng pagkabuhay na mag-uli, isang napakagandang panahon ito para maganap ang maliliit na kaganapan sa bahay-sambahan ngayon, 'yun ang, paghahandog ng mga nanay sa kanilang mga anak. Ito'y bagay na bago, may naidagdag sa kanilang tahanan. Isang bagong pagpapala ang dumating sa kanila. At ibig nila, bilang kapalit, ihandog ito sa Diyos.

5 At saka pagkatapos nitong—nitong pang-umagang mensahe, magkakaroon tayo ng pananalangin para sa mga maysakit, para kayo'y muling mabuhay mula sa inyong karamdaman, patungo sa bagong kalusugan. Pagkatapos na pagkatapos nun, doon sa mga hindi pa nababautismuhan, magkakaroon tayo ng pagkabuhay na mag-uli na 'yun; mailibing kayo sa tubig, upang bumangon sa bagong buhay. Ang lahat-lahat ay pagkabuhay na mag-uli sa umagang ito, pagkabuhay na mag-uli! Pinagagalak mismo ang ating mga puso at pinagagaan, habang inaawit natin ang mga awitin at nakikinig sa mga patotoo ng iba, tungkol sa kamangha-manghang umaga ng pagkabuhay na mag-uling ito. At sumisilip tayo sa labas at nakikitang masaya ang Diyos tungkol dito, nangabubuhay mag-uli ang mga punongkahoy.

6 Kamakailan lang, sa Kentucky, nangaso ako at si G. Wood ng squirrel, at nagpunta kami sa lugar ng isang lalaki. Baka narito po't nakaupo ngayon ang lalaking 'yun, di ko lang alam. At siya raw ay isang hindi naniniwala sa Diyos. At tinanong siya ni Kapatid na Wood, sabi, "Maaari po ba akong mangaso ng squirrel sa lugar n'yo?"

Sabi niya, "Oo, Wood, puwede kang mangaso ng squirrel. Tuloy ka sa likod."

Sabi niya, "Buweno, isinama ko ang pastor ko."

7 At sabi niya, "Wood, huwag mong sabihin sa akin na nagpakababa ka nang husto na kinakailangan mo pang magsama ng isang mangangaral palagi!"

8 At kaya tinawag niya ako para—para ipakilala ako. At nabanggit nung lalaki na medyo mahirap siyang papaniwalain na lalaki. Nagsaysay na ang iba sa kanya, siyanga, pero wala siyang makitang anuman para mapaniwala siya.

9 At may nakatayo roong isang puno ng mansanas kung saan pumulot ako ng isang mansanas. Agosto noon. At sabi ko sa ginoo, sabi ko, "Gaano na katanda ang punongkahoy na 'yan?"

10 At sabi niya, "Humigit-kumulang tatlumpung taon na," parang ganoon. Siya mismo ang nagtanim nun.

11 At sabi ko, "Kumakain ka po ba ng mansanas mula nang magbunga ito?"

"Oo, naman."

12 Sabi ko, "Anong mangyayari sa punong 'yan? Kung titingnan mo, Agosto po ngayon, mainit pa naman ang panahon; pero

nangahuhulog na ngayon ang mga dahon mula sa punong 'yan, at paalis na 'yung dagta sa mga sanga, papunta na sa ibaba sa mga ugat. Kung mananatili ito rito sa itaas sa buong taglamig, mamamatay ang puno; pero bumababa 'yun sa lupa, para ikubli nito ang sarili nito mula sa malalamig na hangin. Kung mananatili kasi ito rito sa itaas, mamamatay ito, hindi na ito mamumunga ng mga mansanas. Kaya naman bumababa ito para ikubli ang sarili nito doon sa mga ugat, para bumalik sa susunod na taon, para dalhan kayo ng mga mansanas na mula sa isang dako, at ilang mga dahon.”

<sup>13</sup> At sabi ko, “Ngayon, ginoo, sige't—sige't maaari mo bang sabihin sa akin kung anong Katalinuhan ang nagbubunsod sa dagtang 'yun na umalis sa puno bago pa magbadya ang anumang malamig na panahon, at bumababa sa mga ugat para magkubli? Kung masasabi mo sa akin kung anong may gawa nun, at maipaliwanag ito sa akin, kung anong may gawa nun, kung ganoon papayagan kitang ipataw ang iyong kamay sa Diyos.” Sabi ko, “Maglagay ka ng tubig sa isang poste at tingnan mo kung magagawa nun 'yun, tingnan mo kung maibubunsod 'yun ng pagbabago ng panahon. May isang dakilang Katalinuhan na nagpapatakbo sa dagta na 'yun papunta sa ugat ng puno, at pagkatapos ibinabalik itong muli na may bagong buhay. Iyon po ang Diyos.”

<sup>14</sup> At sabi niya, “Hindi pa ako gaanong nakakapunta sa simbahan.” Sabi niya, “Pero may isang mangangaral na dumayo rito sa Acton, minsan, at sinabi sa isang babae, na nakatira sa ibabaw ng burol, na 'yung kapatid niyang babae'y naroon noon sa pagtitipon noong gabing 'yun, at sinabi sa kanyang nananalangin siya para sa kapatid niyang babae na may kanser.” Tapos sabi, “Ang maybahay ko't ako'y nagpupunta nga roon para tulungan siya.” At sabi, “Malubha ang kalagayan niya, dahil sa kanser sa tiyan, na anupa't kinailangan pa nilang ipatagilid siya sa highaan gamit ang isang kumot, at kung ano pa. Dinala ng kapatid niyang babae 'yung panyo pag-uwi,” sabi, “matapos na saysayin sa kanya nung lalaki ang tungkol sa kalagayan ng kapatid at lahat na, ang sabi, 'ipatong mo ang panyo sa kanya.” At sabi, “Magaling na siya ngayon.”

<sup>15</sup> “At ipinapakita lamang nito,” sabi ko, “na 'yung siya ring Katalinuhan na nagsabi roon sa dagta sa puno, taon-taon, sa harap mismo ng mga mata mo, na bumaba sa mga ugat at magtago, ay ang siya ring Katalinuhan na nagsabi sa akin na gagaling 'yung babae kapag ipinatong niya ang. . .” Sabi ko, “Kung tutuusin hindi 'yun ganoong—ganoong kahiwaga. Haya't mayroon kang isang mas malayong mahusay na mangangaral na nakatayo sa harapan ng bakuran mo, ito ngang punongkahoy, na nagsasabi sa'yo taon-taon.”

<sup>16</sup> Kung titingin lamang tayo sa paligid, makikita natin ang Diyos sa lahat ng dako. Siya ay nasa bawat punongkahoy, bawat

dahon ng damo. Walang makagagawa nito kundi ang Diyos. Magagawa nating gumawa ng isang bagay na kamukha nito; pero hindi ang buhay nun, ito'y ang Diyos kasi.

<sup>17</sup> Ngayon, isang munting dahon ng damo ang naidagdag sa ilang mga tahanan dito, at gusto nating ihandong ang mumunting mga sanggol na ito sa Panginoon. Teddy, mayroon tayong munting awitin dito na ating inaawit, *Bring Them In*, maaari mo bang tugtugin 'yun habang ang mga nanay na ibig maihandog ang kanilang mga sanggol, at mga tatay, ay dadalhin nila ang kanilang mumunting mga anak dito sa altar.

<sup>18</sup> At napakarami nating mumunting bulaklak ng Pasko ng Pagkabuhay rito sa altar ngayong umaga, hindi po ba? Grabe, grabe! Naiisip ko na nariyan ang munting mga Mary, Ruth, Rebekah, munting James, Paul, at John, nariyan lahat, mumunting mga bulaklak ng Pasko ng pagkabuhay para sa susunod na henerasyon.

<sup>19</sup> Ayos lang, sige diyan po. Sa pakiwari ko'y gustong kunan ng litrato ni Kapatid na Beeler itong—itong munting batang nakatayo rito, ito'y—ito'y apo ni Kapatid na Wood, at ni Kapatid na babaing Wood na narito ngayon. At papunta na rito ang iba ngayon kasama ang kanilang maliliit na anak. Lumapit lamang kayo, mga kapatid. Ayos lang 'yan. Kapatid na Neville.

<sup>20</sup> Mahalaga ang pagsasama sa banal na kasal, itinalaga ito ng Diyos. At sa pamamagitan ng banal na kasal ay namumunga ng mga kagiliw-giliw na mumunting bata.

<sup>21</sup> Kailangan mong sabihin sa akin ang pangalan niya rito ngayon. Brenda Sue. Malaki na ang ipinagkaiba mo, ineng, noong una kitang makita. Buweno, narito ang munting Brenda Sue Wood, tunay na isang katangi-tanging munting kayamanan sa mga puso nating lahat, at lalo na rito sa bata pang nanay at tatay.

<sup>22</sup> At sa panahon ng Biblia. Ngayon po'y winiwisikan ng maraming tao ang mga batang gaya nito; pero sinisikap nating sundan ang kalakaran ng Biblia sa pinakamalapit na makakaya natin. Wala tayong nakita kailanman na winisikan sila, sa Biblia, kundi dinala sila sa Panginoong Jesus at binasbasan Niya sila. At dinadala natin ang mga bata, bilang mga lingkod Niya, at itinataas sila sa Kanya.

<sup>23</sup> Naniniwala akong alam n'yo kung gaano ang pagmamalaki ng lolo, alam n'yo. Kaya iyuko na natin ang ating mga ulo pansumandali lamang.

<sup>24</sup> Panginoong Jesus, ang Anak ng Diyos, na Siyang ibinigay para sa aming sala. At napakahalagang bagay na makita ang mumunting mga bata na dinadala sa Iyo, sa paggunita sa nangyari maraming taon na ang nakalipas, noong dinala ng mga nanay at mga tatay ang kanilang mga anak sa Iyo. Hawak namin sa harap Mo, sa araw na ito, sa mga bisig ng pananampalataya,

ang munting si Brenda Sue Wood, na ipinadala sa pamilya ng aming Kapatid na David at ng kanyang minamahal na maybahay. Diyos Ama, pagpalain Mo po ang batang ito.

<sup>25</sup> Ipinapahayag nila ang kanilang pananampalataya sa Iyo, habang inihahandog nila ang naging supling ng kanilang pagsasama. At dalangin namin na Iyo po silang pagpapalain. At papag-initin nawa ng Espiritu Santo ang kanilang mga puso, upang ipamuhay ang ganoong banal, na nakalaang mga buhay, upang ang batang ito ay mapalaki sa isang Cristianong tahanan, mapalaki sa paalala ng Diyos, at mabuhay ng isang mahaba, masayang pamumuhay rito sa lupa, at maglingkod sa Iyo sa lahat ng araw ng buhay nito. At sa Kaluwalhatian, kung saan nagtitipon ang magkakapamilya, nawa ang munting Brenda Sue at ang kanyang tatay at nanay, at ang lahat ng kanilang mga kamag-anak, ay magtipon sa palibot ng luklukan ng Diyos, tinubos ng biyaya ni Cristo, kung saan itinataas namin siya sa Kanya ngayon.

<sup>26</sup> Munti kong kapatid na babae, ipinagkakaloob kita ngayon sa Panginoong Jesus Cristo, para sa isang buhay ng paglilingkod sa Kanya, sa Pangalan ni Jesus Cristo, na Anak ng Diyos. Amen.

<sup>27</sup> Pagpalain kayo ng Diyos, Marilyn, David, maraming kaligayahan at tagumpay pa sa inyo. Mabuhay nawa ang munting bata na ito para sa Kaharian ng Diyos.

<sup>28</sup> Ngayon, narito ang isang magandang batang lalaki, ang laki po ng ngiti niya sa kanyang mukha. Ang pangalan niya? [Sumagot ang nanay. Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

Sharon Rose... [Sinasabi ng nanay, “Sharon Daulton.”—Pat.] Daulton. Anak ba ito ni Kapatid na Ed? Buweno, halos, magdadalawampu’t dalawang taon na ang nakalipas, kinuha ng Diyos mula sa mga bisig ko ang isang munting Sharon Rose, na nasa Langit na, ngayon. At ngayon, ihahandog sa Kanya, ang munting Sharon Rose Daulton. Kilala natin sina Kapatid na Ed at Kapatid na babaing Daulton, dito, bilang minamahal nating mga kaibigan. Napakagiliw na sanggol!

Ama naming Makalangit, dinadala namin sa Iyo itong munting si Sharon Rose. Bilang paggunita sa aming dakilang Panginoong Jesus, Na tumayo sa lupa, at dinala nila sa Kanya ang mumunting mga batang babae na gaya nito, Idinadalangin ko ang sanggol na ito, Panginoon. Mabuhay nawa siya at maging malakas at malusog. Mabuhay nawa siya sa ikaluluwalhati ng Diyos. Pagpalain Mo ang kanyang ama at ina. Mapalaki nawa siya sa mga paalala ng Diyos. Ipinapahayag nila ang kanilang pananampalataya sa Iyo habang inihahandog nila ang kanilang sanggol sa Iyo. Ngayon ipinagkakaloob namin sa Iyo, ang munting Sharon Rose Daulton, na Iyo pong pagpalain ang kanyang buhay, Panginoon. Inihahandog ko po

siya buhat sa mga bisig ng kanyang nanay at tatay, sa Iyo, aking Panginoon at Tagapagligtas, Jesus Cristo, para sa Kanyang ikaluluwalhati. Amen.

Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae, at ikaw, kapatid na lalaki.

Oh, naku! Isang munting, batang lalaking may sakit. Anong problema niya? [Sinasabi ng nanay, “Labis na lumalaki ang kanyang ulo.” Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . bagay na iba. Nananampalataya ako sa Kanya.

Panginoon, Diyos, tangan ko sa Iyo ang munting si Mason. Dalangin ko po, Panginoong Jesus, na Iyong tanggapin ang batang ito na hawak ko rito sa aking mga bisig, sa paghahandog sa kanya sa Iyo. Isinusumpa ko ang karamdaman na ito na nasa kanya. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, nawa mailagay ang munting Mason sa Iyong mga bisig, Panginoon, at lisanin na nawa siya ng karamdaman. Mabuhay nawa ang sanggol sa ikararangal at ikaluluwalhati ng Diyos. Ipinapahayag ng mga magulang ang kanilang pananampalataya habang dinadala nila siya. Pagalingin Mo nawa ang bata at papag-igihin na siya. Mabuhay nawa siya sa ikaluluwalhati ng Diyos, upang paglingkuran Ka. Panginoong Diyos, ipinagkakaloob ko sa Iyo ang munting si Mason, sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa kanyang buhay at para sa kanyang kagalingan. Amen.

[Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Manampalataya lamang kayo nang buong puso n’yo.

Oh, isang munting batang babae, rin? Buweno, mabuti ’yan. Halika rito, munting bata. Tumayo ka rito. Ang pangalan mo ay. . . ? [Sinasabi ng ama, “Sumner.”—Pat.] Sumner. Kapatid na lalaki at Kapatid na babaing Sumner. Sa paniwala ko’y taga-Georgia kayo, hindi ba? Naisip kong may naalala akong panalangin. Maraming tao sa dako roon. Ito naman si. . . [“Latrell.”] Latrelle. [“Dwight.”] Dwight. [“David.”] At si David. Narinig n’yo ang kanilang pangalan. Isulat nawa ng Diyos ang kanilang mga pangalan sa Aklat ng Buhay ng Cordero.

Makalangit naming Ama, dinadala namin ang maliliit na mga kagiliw-giliw na batang ito sa Iyo ngayong umaga, habang inilalagay ko ang aking mga kamay sa maliliit na tirintas sa kanilang ulo, munting malambot na buhok nitong mga batang lalaki. Oh Panginoon, pagpalain Mo po sila. Inihayag ng kanilang mga magulang ang kanilang pag-ibig at pananampalataya sa Iyo sa paghahandog ng kanilang mga anak. At inihahandog namin sila sa Iyo, Panginoon, kung papaanong kinuha sila sa mga bisig ng kanilang mga magulang, upang itayo rito sa altar na ito ngayong umaga, upang maglaan ng mga buhay sa Diyos. Pagpalain Mo po sila, Ama. Dalangin naming ipahihintulot Mong mabuhay sila na masaya, sa lahat ng mga

araw ng kanilang buhay, Walang Hanggang Buhay sa daigdig na darating. Mapalaki nawa sila sa paalala ng Diyos, sa isang tahanang Cristiano.

Ngayon, ayon sa atas ni Jesus Cristo, na nagbigay ng halimbawa sa Kanyang mga ministro, upang kanilang sundan ang katulad ng ginawa Niya, inihahandog ko po sila sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

[Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

Sa dako pa roon ng maaraw na estado ng Georgia, dinala ang batang ito rito ng kanyang nagmamahal na tatay at ng kanyang nanay, upang maihandog sa Iyo sa umagang ito ng pag-aalaala. Ito'y tropeyo ng Iyong biyaya sa kanilang pamilya. Dalangin kong Iyong pagpapalain ang munting si Renee, ang kanyang nanay at tatay. At kanilang ipinapahayag ang pananampalataya nila sa Iyo, sa pamamagitan ng pagdadala sa bata, na hinahangad ang Iyong mga pagpapala sa kanya. At mabuhay nawa siya at maging isang malakas, masayang Cristiano, sa lahat ng mga araw ng kanyang buhay; at magtamo ng Buhay na Walang Hanggan sa mga araw na darating, sa mundong darating. Ipagkaloob Mo po ito, Ama. Sa pagkuha Mo noon sa napaka kalugod-lugod na mumunting nilalang, na gaya ng mga batang ito ngayong umaga, sa Iyong Sariling mga bisig, ipinahayag po ng mga pamilya ang kanilang pananampalataya sa Iyo, sa pamamagitan ng pagdadala sa kanila sa Iyong mga lingkod. At binabasbasan namin ang munting si Renee at ipinagkakaloob siya sa Iyo; mula sa mga bisig ng kanyang mga magulang, patungo sa Iyo. Sa pangalan ni Jesus Cristo, pagpalain Mo nawa siya. Amen.

Pagpalain ka, kapatid. Pagpalain ka ng Diyos, Renee.

Awitin lamang natin ang isang talata n'yan.

Bring them in, bring them in,  
Bring them in from the fields of sin;  
Bring them in, bring them in,  
Bring the little ones to Jesus.

<sup>29</sup> Oh, gaano ko sana kagustong tumayo sa pila at mangusap sa bawat isa sa kanila na mumunting bata, pero sadyang napakabagal ko na, gayunman, at nakatayo ang mga tao. Sinabi sa akin ni Kapatid na Wood ngayong umaga, ang sabi niya'y talagang sumasakit na raw ang likod niya, sa pagkakatayo. Hindi n'yo alam kung gaano kong hinahangaan ang pagtayo at pahihintay n'yo! At magiging mabilis lamang ako sa mensahe, hangga't maaari. At makinig kayo nang talagang maigi.

<sup>30</sup> Hindi na ako nagkaroon ng oras para ihanda ang mensahe sa umagang ito, o ang mensaheng ito kaninang umaga, nang sandali lamang. Kumuha lang ako ng isang teksto at isang bagay na naiiba.

<sup>31</sup> At sa nakaraang Pasko ng Pagkabuhay ay nangaral ako sa paksang: “Sa *pagkabuhay*, ako’y inibig Niya. Sa *pagkamatay*, ako’y iniligtas Niya. Sa *pagkalibing*, Kanyang dinala sa malayong dako yaring pagkakasala. Sa *pagbangon*, nagawa nga Niyang ako’y ariing ganap nang walang bayad kailanman. Balang araw Siya’y *Darating*, oh, maluwalhating araw!”

At pagkatapos kaninang umagang-umaga nangaral tayo sa paksa na: *Talastas Ko*.

<sup>32</sup> At ngayon, kung loobin ng Panginoon, gusto kong bumasa mula sa kabanata ng San Marcos. At samahan n’yo akong manalangin ngayon.

<sup>33</sup> At kaagad pagkatapos nito ay ang gawaing pagpapagaling. At pagkatapos ng gawain ng pagpapagaling ay ang gawaing pagbabautismo. At siyanga’t ang mga gawain ay mamayang gabi nang alas siyete y media.

<sup>34</sup> Ngayon Marcos 16.

*At nang makaraan ang sabbath, si Maria Magdalena, . . . si Mariang ina ni Jesus, at si Salome, ay nagsidala ng mga pabango, upang sila’y magsiparoon at siya’y pahiran.*

*. . . pagkaumagang-umaga nang unang araw ng sanglinggo, ay nagsiparoon sila sa libingan nang sikat na ang araw.*

*At kanilang pinaguusapan, Sino kaya ang ating mapagpapagulong ng bato mula sa pintuan ng libingan?*

*At pagkatingin, ay nakita nilang naigulong na ang bato: sapagka’t yao’y totoong malaki.*

*At pagkapasok sa libingan, ay kanilang nakita ang isang binata na nakaupo sa dakong kanan, na nararamtan ng isang damit na maputi; at sila’y nangagitla.*

*At sinabi nila sa kanila . . . At sinabi niya sa kanila, Huwag kayong mangatakot: hinahanap ninyo si Jesus na Nazareno, na ipinako sa krus: siya’y nagbangon; wala siya rito: tingnan ninyo ang dakong pinaglagyan nila sa kaniya.*

*Datapuwa’t magsiyaon kayo, at sabihin ninyo sa kaniyang mga alagad at kay Pedro na siya’y nangunguna sa inyo sa Galilea: doon ninyo siya makikita, ayon sa sinabi niya sa inyo.*

*At sila’y nagsilabas, at nagsitakas mula sa libingan; sapagka’t sila’y nagsipangilabot at nangagitla: at hindi sila nangagsasabi ng anoman sa kanino man; sapagka’t sila’y nangatakatot.*



*Nang si Jesus nga'y magbangon nang unang araw ng sanglinggo, ay nagpakita muna siya kay Maria Magdalena, na sa kaniya'y pitong demonio ang pinalabas niya.*

*Siya'y yumaon at ipinagbigay alam sa mga naging kasamahan ni Jesus, samantalang siya'y... samantalang sila'y nangahahapis at nagsisitangis.*

35 *Nakita n'yo, nasa buntong din sila ng abo, siyanga.*

*At sila, nang kanilang mabalitaan na siya'y nabuhay, at nakita ni Magdalena, ay hindi sila nagsipaniwala.*

36 *Napakahiwaga ng mga Salita ng Diyos!*

*At pagkatapos ng mga bagay na ito ay napakita siya sa... ibang anyo sa dalawa sa kanila, nang sila'y nangaglalakad, na patungo sa bukid.*

*At noong... at sila'y nagsiyaon at ipinagbigay-alam ito sa mga iba: at kahit sa kanila'y hindi rin sila nagsipaniwala.*

*At pagkatapos siya'y napakita sa labingisa samantalang sila'y nangakaupong nagsisikain, at pinagwikaan sila sa ka...sa—sa kawalan nila ng pananampalataya at katigasan ng puso, sapagka't hindi sila nagsipaniwala sa nangakakita sa kaniya pagkatapos na siya'y magbangon.*

*At sinabi niya sa kanila, Magsiyaon kayo sa buong sanglibutan,... inyong ipangaral ang evangelio sa lahat ng kinapal.*

*Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas;... ang hindi sumasampalataya ay parurusahan.*

*At lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya; Sa aking pangalan sila'y mangagpapalayas ng mga demonio; mangagsasalita sila ng mga bagong wika;*

*Sila'y magsisihawak ng mga ahas;... kung magsinom sila ng bagay na makamamatay, sa anomang paraan ay hindi makasasama sa kanila; ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit,... sila'y magsisigaling.*

*Ang Panginoong Jesus nga pagkatapos na sila'y mangakausap niya, ay tinanggap sa itaas ng langit, at lumuklok sa kanan ng Dios.*

*At nagsialis sila, at nagsipangaral sa lahat ng dako, na gumagawang kasama nila ang Panginoon at pinatototohanan ang salita sa pamamagitan ng mga tandang kalakip. Siya nawa.*

37 Ibig kong kumuha ng isang teksto sa dalawang salita: *Humayo, Sabihin*.

38 Alam n'yo, walang gaanong mabuting magagawa kung hahayo ka na wala ka namang bagay na sasabihin. Sa palagay ko'y naging malaking problema 'yun sa panahong ito. Humahayo tayo para magsabi, dahil kung hahayo tayo pero wala tayong sasabihin, walang anumang mapapakinabangan, walang anumang madudulot na tulong sa mga tao.

39 Pero kung susundin natin ang mga tagubilin na gaya ng mga alagad na ito na siyang tumanggap ng atas, haya't ganoon din ang atas sa atin, "Humayo kayo, sabihin ninyo sa mga alagad Kong Ako'y nabuhay mula sa mga patay." Humayo kayo, sabihin n'yo ito!

40 Pagkatapos ang sabi Niya, "Humayo kayo, ipangaral ninyo ito, at ipakita ninyo ang mga tandang ito na Ako'y nabuhay mula sa mga patay." Grabeng dakilang mensahe! "Humayo kayo, sabihin ninyo, at humayo kayo, ipakita ninyo sa mga alagad Ko ang mga bagay na nakita ninyo, na hindi Ako patay, kundi bumangon mula sa mga patay."

41 Sa pang-umagang Mensahe kaninang umaga, nalaman natin na ang bawat isa sa atin ay may mumunting buntong ng abo ng mga problema at mga pagsubok na inuupuan mismo natin, kung minsan, naghihintay para sa kaaliwan. Nalaman natin ang dakilang patriyarkang si Job ay nagkaroon ng isang pangitain, haya't wala pa silang Pasko ng Pagkabuhay noon, pero nakita na niya ang layo na apat na libong taon na tinalakay natin kaninang umaga. Pauna na niyang nakita ang apat na libong taon, ang isang Pasko ng Pagkabuhay, at sumigaw, sa kanyang pagdadalamhati, "Talastas kong ang Manunubos ko'y buhay! Sa huling mga araw, ay tatayo Siya sa lupa. Bagama't matapos na sirain ng mga uod ng laman ang katawang ito, gayunma'y makikita ko ang Diyos sa aking laman."

42 Ngayon, pagkatapos ng Pasko ng Pagkabuhay, nakita natin na binigyan ng Diyos ang tao ng isang utos, "Humayo kayo, sabihin n'yo! At kung ipagsasabi nga ninyo, tagaglayin ninyo *ito*. Humayo kayo at sabihin ninyo!"

43 Ngayon, walang mabuting maidudulot, gaya nga ng sabi ko, na humayo, na humayo, maliban na may bagay kang sasabihin. At kung mali ang nakuha mong mensahe na sasabihin, kung ganoon hindi ito makabubuti. Kinakailangan mong sabihin kung ano ang lihim.

44 Kamakailan ay binabasa ko ang isang aklat, patungkol sa isang munting batang lalaki na . . . lumahok sa isang paligsahan. At sa paligsahang ito ay maaari siyang sumikat. Ang batang lalaki nga'y magsasaulo ng sekretong salita tapos pupunta siya sa isang partikular na lugar, at sasabihin niya ang sekretong salita na ito, at papapasukin siya ng tagapagbantay

sa pintuan. Iyon ay para subukin ang IQ nung bata. At pagsapit niya sa lugar, pagkasabi ng sekretong salita na ibinigay sa kanya, bubukas ang pintuan at magwawagi siya ng malaking karangalan.

<sup>45</sup> Ang batang lalaki, dahil sa napakatulin niyang tumakbo, at alam na alam niyang kaya niyang lampasan ang lahat ng iba pang mga batang lalaki sa paligsahan, haya't inakala niyang kayang-kaya niya. Nag-ensayo siya araw-araw, ng pagtakbo. Ganoon na lamang na sinanay niya ang kargada ng munti niyang baga, nagbawas ng timbang, nang sa ganoon ay hindi siya mapagod habang tumatakbo siya. At nag-ensayo siya kung paano magsisimula sa kanyang mga paa, at makauna kaagad-agad sa iba pang mga batang lalaki. At kung papaano siya dapat huminga sa oras ng kanyang pagtakbo, para makontrol ang oxygen na pumapasok sa kanyang katawan, para mapanatili niya ang mabisang paghinga, para di nito gaanong pabagalin ang kanyang puso. Pinag-aralan niya 'yun mula sa bawat anggulo na makakaya niya.

<sup>46</sup> At sa umagang nagsimula ang karera, mayroong mahigit sa sandaan at limampung maliliit na batang lalaki na nakalinya roon, na magkakaedad. Ang munting batang ito ay medyo may hustong laki, para sa kanyang edad. At natandaan niya ang lahat ng kanyang pagsasanay. At naghanda na siya. At luminya na sila, idinaiti ang maliliit nilang mga mukha sa—sa laso na naroon, idinaiti ang maliliit nilang ilong dito. Pinag-aralan niya ang lahat ng mga patakaran ng palaro, inihahanda ang kanyang sarili.

<sup>47</sup> At pagkatapos pagputok ng baril, at naputol na ang laso, lumundag nang pasulong ang maliliit na bata. At malakas ang pangangatawan nitong munting batang lalaki hanggang sa tumalon siya nang mas malayo kaysa sa iba pa sa kanila. At tinakbo niya ang karerahan na may napakatinding bilis, nagsanay nang mabuti, hanggang sa nakaya niyang lampasan sa pagtakbo ang bawat batang lalaki na nasa karera. At naroon na siya, oh, nang matagal-tagal, marahil ay isang minuto o higit pa, bago pa makarating ang pinakamabilis na iba pang mga mananakbo sa dako na 'yun.

<sup>48</sup> Subalit, sa lahat ng kanyang pisikal na pagsasanay, nakalimutan niya 'yung sekretong salita. Mangyari pa't nakalimutan niya 'yung mismong bagay na sasabihin niya, para papasukin siya sa pintuan. At nagpabalik-balik siya ng lakad, at iniisip kung ano 'yun, at pilit na inaalala 'yun sa kanyang isipan. Sumobra ang tuon niya sa natural, sa kalagayang pisikal ng kanyang katawan, hanggang sa nakalimutan niya ang pinakamahalagang bagay. Paglaon, sa hulihan ng karerahan, ang ilang mga batang lalaki na hindi kasimbilis ang pagtakbo, ay tanda nila 'yung sekretong salita, at pumasok.

<sup>49</sup> Ganoon din 'yan ngayon! Masyado tayong naglulumagi sa pagtatayo ng mga templo, at mga simbahan at mga gusali, at kung anu-ano pa, at labis na naglulumagi sa pagpapanatili ng disenyo sa ating mga simbahan, na dapat magagandang gusali at malalambot na mga upuan at magagandang organ. Na ang mga ministro natin ay sinanay silang husto mula sa . . . Mayroon silang Doktor DL., Ph.D., LL.D. na mga digri, pero nakalimutan natin kung para saan ang itinatakbo natin. Iyon ang problema. "Humayo kayo, sabihin ninyo sa mga alagad Ko na Ako'y nagbangon mula sa mga patay at makikipagkita Ako sa kanila sa Galilea." Nakalimutan natin ang pinakamahalagang salita. Naging masyado tayong abala sa ibang mga bagay, nagtayo ng malalaking simbahan, nagtatag ng malalaking denominasyon, hanggang sa nakalimutan na natin ang pinakamahalagang salita.

<sup>50</sup> Maraming buhay na ang naligtas dahil sa paghahanda para sa mga paparating na kaganapan. Kamakailan, ikinuwento sa akin na sa Florida, nung tagapamalita, nung kawanihan ng klima, na haya't nagsahimpapawid sila ng balita na may paparating na malakas na bagyo. At 'yung isang lalaki dun ay tagapag-alaga ng mga manok, at pinuntahan niya ang kapitbahay niya at sinabihan ang kapitbahay patungkol sa paparating na bagyo. Hindi nito pinansin, at sabi, "Kalokohan!" At nagpatuloy lamang. Hindi inilikas ng lalaki ang mga manok niya sa mataas na lugar. Hindi siya nagpunta sa silungan. Hindi siya naghanda ng kahit na ano. At 'yung kapitbahay niya ay talagang naghandang maigi. Pero ang lahat, na pagmamay-ari nung lalaki na hindi nakinig sa babala, lahat ng mga manok niya'y natangay at nangamatay, nagiba ang bahay niya, nakawala ang kanyang mga hayop, isinugod siya sa ospital. Dahil sa hindi siya nakinig at tinanggap ang babala! Alam niyang ibinalita na ang mensahe, pero hindi niya sinunod ang mensahe.

<sup>51</sup> Ganyan din ang pagdating nito sa panahon ngayon, sa marami sa ating mga kababayan, sa marami sa ating mga iglesya. Alam nating itinuturo ng Biblia na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Alam nating itinuturo ng Biblia, sabi ni Jesus, sa San Juan 14:12, "Ang sumasampalataya sa Akin, bagaman, ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman niya; mas marami pang mga gawa kaysa rito ang gagawin niya, sapagkat Ako'y pupunta na sa Ama." Ngayon naging abala tayo sa ibang mga bagay, hindi inaalintana ang babala, hindi nakikinig. Tumakbo nga tayo, pero hindi naman nakinig sa Mensahe. Humayo tayo, pero di naman natin alam kung anong sasabihin pagdating natin doon.

<sup>52</sup> Ilang araw na ang nakalipas noong ang mga iglesya ng sanlibutang ito, noong mapahiya ang mga iglesyang Cristiano at dinusta, noong ang kagalang-galang at bantog at may takot

sa Diyos na lingkod, si Billy Graham, ay iniharap sa Biblia. Tumakbo siya, subalit nakalimutan ang Mensahe; noong 'yung Mohammedan ay humarap sa kanya't sinabi sa kanya, "Kung ito nga ang Salita ng Diyos, sige't ipamalal mo sa amin." Tumakbo siyang mainam, matitinding mga rebaybal, mga dakilang bagay. Pero, noong pagsapit na niya sa lugar, wala siyang Mensahe.

<sup>53</sup> "Nabuhay Ako mula sa mga patay. Ako'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Tumatakbo sa pisikal, maiinam na mga simbahan, maraming miyembro, malalaking denominasyon, pero hindi 'yun ang pangunahing bagay. Masdan n'yo ang sumunod, "At ang mga tandang ito ay lalakip sa mga nananampalataya." Humayo, pero hindi alam kung anong sasabihin.

<sup>54</sup> Hindi kailanman nagsugo ang Diyos ng isang tao maliban na binigyan Niya ito ng isang bagay na sasabihin. Palaging pinapatotohanan ng Diyos ang Kanyang mga Salita.

<sup>55</sup> Humahayo, pero wala namang masabi pagsapit mo dun. Kahit gaano pang kalaki ang inyong mga rebaybal, gaanong kalaki ang inyong iglesya, o gaano mang nangingibabaw ang inyong denominasyon sa iba, kung wala naman kayong bagay na sasabihin sa kanila, anong mayroon kayo kundi isang pangkat lang ng mga taong nagtitipun-tipon na gaya ng isang kapisanan?

<sup>56</sup> Mayroon tayong isang Mensaheng sasabihin sa sanlibutan, "Si Jesus ay buhay! Hindi Siya patay!" Nakalakip mismo ang Mensahe!

<sup>57</sup> Sa katangi-tanging bansang ito na atin ngayong ipinagpapasalamat, ang Estados Unidos ng Amerika, sa kabila ng lahat ng malaking kaguluhan nito, sa lahat ng kahalayan nito, lahat ng masasamang punto nito, ganoon pa man ito pa rin ang pinakakatangi-tanging bansa sa mundo, at sa pasimula, dahil sa napasimulan ito nang tama. Hindi lang nito dinala ang Mensahe.

<sup>58</sup> Maraming taon na ang nakalipas, noong ito'y nasa kamusmusan pa, naalala ko ang isang kuwento, noong aagawin na sana ng mga taga-Britanya ang komonwelt ng bansang ito. At may isang grupo ng kalalakihan na sama-samang nagtipon at sila noo'y nasa kanilang nakaatang na tungkulin, nagbantay. At may isang kabayong nakatayo na nakatali, at isang mangangabayong nakahandang sumakay anumang minuto. Ang unang bagay na nasagap niya ay isang palatandaan na paparating na ang mga taga-Britanya, at umangkas siya sa kanyang kabayo. Ano naman ang maidudulot na kabutihin sa kanya na paabantehin ang kanyang kabayo? Anong maidudulot, na hampasin niya ang kabayo at piling tugaygayin ang daan mula sa simbahang 'yun papuntang Boston? Anong maidudulot nun sa kanya kung wala namang siyang mensaheng sasabihin

sa mga tao? Papaano malalaman ng mga tao na dapat nilang ihanda ang kanilang mga sarili?

<sup>59</sup> Tumakbong mabuti ang ating mga modernong Paul Revere, pero, tumatakbo lamang sila, walang Mensahe. Narito na ang oras, kasalukuyang nagaganap ang isang krisis! Nasa pagwawakas na ang isang daigdig! Narating na ng mga simbahan ang kanilang rurok. Narating na ng mga bansa ang kanilang rurok. Narating na ng buhay ng tao ang rurok nito. Narating na ng siyensiya ang rurok nito. Nag-organisa tayo at gumawa ng naglalakihang mga simbahan, pinahusay ang ating mga mangangalar at pisikal silang inihanda, para alam nila kung papaano gamitin ang kanilang mga pandiwa't mga pang-abay, at ang kanilang mga bigkas at—at ang lahat ng kanilang mga patinig, at ang lahat nang sadyang lapat na lapat sa sikolohiya, para makaugnay ang mga tao. Pero hindi 'yun ang sinabi ni Jesus!

<sup>60</sup> “Sa Aking Pangalan ay magpapalayas sila ng mga demonyo. Magsasalita sila ng mga bagong wika. Kung kagatin man sila ng nakamamatay na ahas, hindi ito makakapanakit sa kanila. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila'y gagaling.” Kailangan ng sanlibutan ng isang mensaherong may dalang isang Mensahe, para magsabi ng kung anong bagay, at alam kung saan nanggaling ang Mensahe at kung Kanino Ito nagmula.

<sup>61</sup> Si Paul Revere, sa pagsakay niya sa kanyang kabayo, isang magiting na lalaki, isang taong nasa kasaysayan hangga't may bansang magiging makasaysayan. Ginawa niya 'yung katangi-tanging pangangabayo mula sa mga baitang ng simbahan, na may dalang mensaheng nagpa-alarma sa lahat, mula sa pinaka mahihirap hanggang sa pinaka mayayaman, mula sa magsasaka hanggang sa negosyante, “Parating na ang mga taga-Britanya!” At ang mga sundalong handa bawat minuto'y nagprepara na para sa isang pagsalakay. At naligtas ang katangi-tanging bansa na ito.

<sup>62</sup> Kung ang pamanang ito ng Diyos, kung ang mga taong ito na para sa kanila ay namatay ang Diyos, kung ang Iglesyang ito na tinawag sa Kanyang Pangalan, ay maililigtas kailanman, kinakailangan nating magkaroon ng isang mensaherong may dalang Mensahe mula sa Luklukan, upang katagpuin ang hamon ng panahong ito. Haya't may isang Goliath, pero tiyak na ang Diyos ay may isang David sa kung saan. Kinakailangan nating makatagpo ang kaugnay. Kinakailangan nating magkaroon ng isang . . . Kinakailangan nating magkaroon ng isang Mensahe.

<sup>63</sup> Papunta nga tayo, pero wala namang sasabihin. Pinatutunayan lang nito, na panahon ito na humantong na tayo sa isang kalagayan na ang bansa o ang bayan na pinabubulaanang si Jesus Cristo ang Anak ng Diyos, ay

tumatayo sa harap ng pinaka mahuhusay nating ministro sa panahong ito. At pagkatapos sa ating naglalakihang samahan ng simbahan, makakatagpo ka ng humigit-kumulang na tatlumpung dokumentadong mga Komunista sa loob ng dalawampu o tatlumpung taon, na mga kasapi sila ng partidong Komunista, sa kapisanan ng ating mga simbahan. Anong magagawa natin? Ipinapakita nitong tumakbo sila na talagang walang Mensahe; na binebenta ang pinaka karapatan ng pagkapanganay ng bansa, binebenta ang karampatang karapatan ng pagkapanganay ng Iglesya.

<sup>64</sup> Ang lahat ng ito ay humantong na sa isang pagtutuos na paghaharap. Dumating na ito sa isang kalagayan kung saan ang munting Iglesya na naniwala sa Mensahe, ay tumayo sa dalawang paa, na nakatuon ang kanilang mga mata sa Krus, na sa puso nila ay ang muling pagkabuhay ni Jesus Cristo, na nag-aalab! Dumating na ito sa isang kalagayan kung saan kinakailangan Itong kilalanin ng mga bansa. Ito'y pahantong na sa isang pagtutuos na paghaharap. Hindi na nakapagtataka na ang mga iglesya... Kung saan ang Konseho ng mga Iglesya, ay tadtad na mismo ng pagka-Komunismo, haya't di na nakapagtatakang hindi na nila kayang maniwala pa sa sobrenatural. Hindi na nakapagtatakang hindi na nila kayang maniwala sa Makalangit na pagpapagalang; wala silang anumang Mensahe sa kanilang puso, kahit gaano pang kabilis ang kanilang pagtakbo.

<sup>65</sup> Kapag pumasok ang Espiritu Santo sa puso ng isang tao, sasampalatayanan niya na nabuhay si Jesus Cristo mula sa patay, at nabubuhay Siya sa indibiduwal na ito, upang gumawa, at upang gawin ang kalooban na ipinunta Niya para gawin; ang kalooban, ang kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng buhay ng tao na 'yun.

<sup>66</sup> Pero, ang problema, tumatakbo tayo, humahayo tayo na walang Mensahe. Humahayo tayo na ang dala'y teolohiya. Humahayo tayo na may kung anong klase ng kapaliwanagan ng iglesya tungkol sa mga Kasulatan.

<sup>67</sup> Kinakailangan nating humayo na ang dala'y muling pagkabuhay! "Humayo kayo, sabihin ninyo sa mga alagad Ko na mag-oorganisa Ako ng isang bagong iglesya"? Hindi, po! "Humayo kayo, sabihin ninyo sa mga alagad Kong Ako ay nabuhay mula sa mga patay, na gaya nga ng sinabi Ko." Iyon ang Mensahe sa Iglesya ngayong umaga, na hindi patay si Jesus. Siya'y buhay, at sadyang sindakila at makapangyarihan ngayon kung papaano Siya noon.

<sup>68</sup> Nagkaroon na tayo ng maraming mga mensahe ng mga babala, upang makapaghanda, si Paul Revere at ang iba pang magigiting na kalalakihan, at mga matitinding digmaan at mga bagyo, at kung ano pang mga bagay.

69 Pagkatapos, nagpapadala ang Diyos ng isang Mensahe ng kaaliwan, din naman. Ito ay isang Mensahe ng kaaliwan.

70 Ilang panahon na ang nakalipas, noong mayroon pa silang pang-aalipin sa Timog, dinala ng mga Boer mula sa Timog Aprika ang mga katutubo, na ang tawag natin, ngayon, “taong itim.” At dinala nila sila rito at ipinagbili sila sa mga Amerikano sa Timog, para gawin silang mga alipin.

71 May malawakang paghihimagsik tungkol dun sa Aprika ngayon, mga asasinasyon, at kung anu-ano pa, na nagaganap. Ipinaglalaban nila ang kanilang kalayaan. May karapatan silang ipaglaban ito. Ginawa ng Diyos ang tao; gumawa ang tao ng mga alipin. Hindi ’yun itinakdang ganoon kailanman.

72 Ilang taon na ang nakalipas, nasa isang koliseo ako, o isang malaking museo, pala. Naglalakad-lakad ako, tinitingnan ang iba’t ibang larawan at mga bagay-bagay, dahil hinahangaan ko ang sining. Sa palagay ko nga ang Diyos ay nasa sining. At lumapit ako, at napansin kong may isang matandang lalaking Negro, talagang matanda na siya, nakahukot na sa kanyang mga balikat, may kakaunti na lamang na paikot na buhok sa likod ng kanyang ulo. Nakasumbbrero siya. At naglalakad-lakad siya, at parang sa *ganoong* paraan, na tumitingin-tingin sa paligid, na parang nagmamasid siya o may bagay na hinahanap sa museo. Tumayo ako at minasdan siya nang kaunting sandali.

73 At pagkatapos ng ilang sandali nakarating siya sa isang maliit na kahon doon. At tumingin siya sa loob nun, at nagitla siya, nagliwanag ang mga mata niya. Napatalon siya paatras mula sa kahon pansumandali, hinubad ang maliit niyang sumbrero, kinuyom ang sumbrero sa kanyang kamay. At minasdan ko siya. At habang iniyuyuko ng matandang itim ang kanyang ulo, nagsimulang tumulo ang mga luha sa kanyang mga pisngi. At minasdan ko siya na may pagkamangha, nang medyo matagal-tagal.

74 Pagkatapos ay naisip ko, “Aalamin ko kung anong nakapukaw sa matandang lalaki.” Lumakad ako sa may panig na *ito*, at sa tingin ko para itong isang damit na nakalapag doon.

75 At minasdan ko siya habang nakatayo siya roon. At lumapit ako, sabi ko, “Kumusta po kayo, tiyo?”

At sabi niya, “Kumusta po kayo, ginoo.”

76 At sabi ko, “Isa akong ministro. Hindi ko akalaing makikita ko kayong naghahandog ng panalangin sa lugar na gaya nito.” Sabi ko, “Naniniwala ako na isa ka ring Cristiano.”

Sabi niya, “Ako nga, ginoo.”

At sabi ko, “Ano ba ang sanhi ng labis n’yong kagalakan?”



77 Sabi niya, “Halika rito.” At sinamahan kong lumakad ’yung matandang lalaki, papunta roon. Sabi Niya, “Nakikita mo ba ang damit na ’yan?”

Sabi ko, “Opo, ginoo.”

Sabi niya, “Nakikita mo ’yung mantsa roon?”

Sabi ko, “Opo, ginoo.”

Sabi, “Ilagay mo ang kamay mo sa tagiliran ko.”

Sabi ko, “Ano ba ’yung magaspang na ’yun?”

78 Sabi niya, “Sinturon ng pagkaalipin ang nakapaikot diyan, noong araw. At *’yan* naman ang dugo ni Abraham Lincoln.” Sabi niya, “Inalis ng dugo niya ang sinturon ng pagkaalipin sa akin.” Sabi, “Hindi ka ba nun pupukawin sa kagalakan, din naman?”

79 Tumayo ako roon na may pagkamangha. Sa isip-isip ko, “Kung ang dugo ni Abraham Lincoln ay nakapagpukaw—nakapagpukaw ng galak sa isang alipin, sa pag-aalis ng sinturon ng pagkaalipin mula sa kanya, ano pa kaya ang maibubunsod ng Dugo ni Jesus Cristo sa mga taong gaya ni Rosella rito, na isang alipin ng pagkalulong sa alkohol; sa akin, na naghihingalo noon, na isang kahabag-habag na kapuspalad?” Inalis Niya ang sinturon ng pagkaalipin sa kasalanan mula sa puso ko. Hindi ba’t marapat lamang na mapukaw nito sa galak ang isang tao? Hindi ba’t marapat lang na magbunsod ito sa kanya na makadama ng kakaiba? Hindi ba’t marapat lang na gawin siya nitong magalang kapag bubulayin niya ito? Hindi ka nga makatitingin sa isang punongkahoy na hindi ka mapapayuko ng ulo, halos, yamang nalalaman mo na tinubos ni Jesus ang iyong buhay sa Punongkahoy na ’yun.

80 Sa pagpapatuloy natin, pansumandali, patungkol sa mga alipin, at sa ating isipan. Nagkaroon noon ng isang proklamasyon, Proklamasyon ng Emansipasyon, na nilagdaan, at ang mga alipin ay lalaya sa isang itinakdang araw. Hindi n’yo malalaman, oh, kung hindi n’yo pa kailanman nakikilala si Cristo, hindi n’yo alam kung gaano kahalaga ’yun sa mga alipin. Noong ipinamalita ito, ang mensahe sa buong lupain, na, “Lalaya na kayo sa ganito’t ganoong araw, ng pagbubukang-liwayway. Lalaya na kayo. Hindi n’yo na kailangan pang magsuot ng mga sinturon ng pagkaalipin, ni hindi na rin kayo hahagupitin pa. Kundi malaya na kayo, at isa na kayong mamamayan ng marilag na Estados Unidos. Hindi na kayo alipin pa, pagkatapos ng pagbubukang-liwayway sa ganito’t ganoong umaga.” Oh, taglay ang matinding pag-aasam ay naghintay mismo sila.

81 Kung makikita lamang ’yun ng makasalanan! Kung pakikingan lamang ng makasalanan ang tunay na Ebanghelyo! Hindi ang pakikianib sa isang iglesya, kundi ang pangangaral ng Ebanghelyo, na makalalaya na kayo sa kasalanan, na

makalalaya na kayo sa inyong mga karamdaman. “Sa ganito’t ganoong oras,” hayun nga mismo ang oras na kayo’y nanampalataya.

<sup>82</sup> Alam n’yo, ang mga aliping ’yun ay lubos na nananabik at nasa ganoong pag-aasam, na naghihintay sa oras na lalaya sila, hanggang sa, sabi nila sa akin, na nagtipun-tipon sila sa paanan ng isang burol, mga nanay at maliliit na mga bata, sila’y nagtipun-tipon, at ang ilan sa kanila’y matatanda. At umakyat sila sa taluktok ng burol, mga hatinggabi. Alam nilang pagsapit ng pagbubukang-liwayway at pagsikat mismo ng araw, haya’t lalaya na sila. Hindi aabutin ng higit kalahating minuto ang pagsikat ng araw mula sa taluktok ng burol, pero ang ilan sa kanila’y nagtungo roon sa taluktok ng burol, nagmamatyag, na nagmamatyag. “Oh, pagsikat ng araw, malaya na tayo.” Iyon ang a-n-a-k . . . o, a-r-a-w.

<sup>83</sup> Pero kapag sumikat na ang A-n-a-k isa sa mga araw na ito! At noong nagbangon ang A-n-a-k humigit-kumulang labing siyam na raang taon na ang nakalilipas, pinatid Niya ang bawat sinturon ng pagkaalipin, pinalaya Niya ang bawat bihag, pinagaling Niya ang bawat karamdaman, binigyan Niya ng kalayaan ’yung mga nasa pagkaalipin. Ganoon na lamang na dapat tayong umakyat at magmatyag!

<sup>84</sup> At nung unti-unti nang sumikat ang araw, unang-una, ’yung taong nasa pinakataas, ay nakita niya ’yun, at sumigaw siya sa kasunod na tao, “Malaya na tayo!” Sumigaw din ’yung kasunod na tao sa taong nasa ibaba pa ng burol, “Malaya na tayo!” Hanggang sa makarating ito sa kampamento, “Malaya na tayo!” Dahil, sumisikat na ang araw, nakamatyag sila, nagmamatyag, nagmamatyag para sa oras na ’yun.

<sup>85</sup> Gaano pa kayang dapat tayong maghintay, sa araw na ito, para sa A-n-a-k ng Diyos. Malaya na tayo sa kasalanan. Malaya na tayo sa mga tanikala. Malaya na tayo sa mga bisyo. Malaya na tayo sa paninigarilyo, pag-iinom, paglalasing, dahil nagbangon na mula sa libingan ang A-n-a-k ng Diyos at pinatid na ang bawat tanikala. Ang lahat ng kahatulan ay wala na! Nabayaran na ang pagkakautang. Nabayaran na ang multa. Nahugasan na ang mga kasalanan, at malaya na tayo. Oh, malaya na tayo, mga kapatid! Sa pagkaalipin? Kalayaan, noong ang Anak ng Diyos ay nagbangon na na may kagalingan sa Kanyang mga pakpak!

<sup>86</sup> Balang araw ay tatayo Siya mula sa Luklukan, babalik sa lupa. At saka na tayo lalaya mula sa lahat ng mga kirot at sa lahat ng mga tukso, magiging malaya na sa lahat ng mga kadalambahatian ng sangkatauhan at sa kung ano pang kaakibat ng buhay ng tao, upang mabuhay na kasama Niya magpakailanman. Magiging malaya na tayo. “Humayo kayo, sabihin n’yo,” ’yun ang dapat na gawin.

<sup>87</sup> Sa panahon noon ng Biblia, dumarating ang taon ng jubileo. Ang mga taong ipinagbili dahil sa mga utang na inutang nila, mayroon silang pagkakautang at hindi nila kayang bayaran 'yun, kaya nagpunta sila at ipinangbayad ang kanilang mga sarili sa mga tao, bilang mga alipin. At kinailangan nilang manatili na alipin ng mga taong ito, nakatali na na maging alipin, buong buhay nila. Pero, dumarating 'yung panahon, dumarating ang isang araw ng biyaya, na kilala bilang ang taon ng jubileo. At pagsapit ng taon ng jubileo, may lumalabas na isang saserdote at nagpapatunog ng isang trumpeta. At nagpapahiwatig ang trumpetang 'yun sa bawat alipin, kahit gaano man katagal na siyang naglilingkod at kung gaano pang katagal ang kailangan niyang ipaglingkod, kapag tumunog ang trumpeta, ang aliping 'yun ay pinalalaya na. Maaari na niyang ilapag ang asarol at umuwi sa kanyang mga anak. Hindi na niya kailangan pang magtrabaho, dahil malaya na siya kapag tumunog na ang jubileo. Ang trumpepta nga'y hindi nagbibigay ng di-tiyak na tunog, kundi nagbigay 'yun ng tiyak mismong tunog. At maaari nang ilapag ng tao ang kanyang kagamitang-pantrabaho, uuwi na siya ng tahanan na malaya na mula sa pagkaalipin.

<sup>88</sup> Sa umagang ito, sabi ng Biblia, “Kung ang trumpeta ay magbigay ng walang katiyakang tunog, sinong makakaalam kung anong gagawin?” Kung ipinangaral ng Biblia na nabuhay si Jesus Cristo mula sa mga patay, na Siya ay siya ring kahapon, ngayon at magpakailanman, at ang mga trumpetang maririnig natin na pinatutunog ngayon ay magsasabi, “Lumipas na ang panahon ng mga himala, walang ganyang bagay na gaya ng Makalangit na kagalingan,” sinong makakaalam kung papaano nila ihahanda ang kanilang mga sarili?

<sup>89</sup> Ang kailangan natin ngayon ay mga mensaherong may pahid mula sa Diyos! “Nabuhay Siya mula sa mga patay! Siya ay siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman!” Iyon ang Mensahe ng araw na ito.

<sup>90</sup> Oh, nagkaroon na ng mga dakilang mensahe, pero ang Pasko ng Pagkabuhay ang mismong pang-ibabaw nun! Mga dakila ngang mensahe; pero ang Pasko ng Pagkabuhay ang buong kabuoan nun! Kung kailan ang mga patay...ay pinaghanda na ang huling kalaban...Nakita nating gumaling ang karamdaman sa Lumang Tipan. Nakita nating naipamalas ang mga himala sa Lumang Tipan. May dumating na mga pangitain sa Lumang Tipan. Subalit direktso pa rin sa libingan ang bawat tao, iniisip kung babangon pa kaya siyang muli. Subalit sa umaga ng Pasko ng Pagkabuhay, noong matamo ng mga alagad na ito ang pinaka dakilang Mensahe na maaaring matamo ng sinumang tao, anong natamo nila? “Humayo kayo, sabihin n'yo sa mga alagad ko, Ako ay nabuhay mula sa mga patay!” Napagtagumpayan na ang kamatayan!

<sup>91</sup> Walang sinuman kailanman sa lupa, walang propeta, walang dakilang tao, walang taong banal kailanman ang makapapanagumpay. . . Kaya nilang panagumpayan ang karamdaman sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos. Kaya nilang panagumpayan ang panahon, sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos, at makita ang mga bagay na paparating. Kaya nilang panagumpayan 'yun. Subalit hindi pa kailanman nagkaroon ng isang taong may pahid na ganoong katinding pahid mula sa Diyos, na makapagsasabi ng ganitong pahayag, "Kaya Kong ibigay ang Aking buhay, kukunin Ko itong muli. Wasakin man ang katawang ito, itatayo Ko ito sa ikatlong araw." Walang taong makapagbibitiw kailanman ng ganoong pahayag. At binulay nila 'yun sa kanilang mga puso, kung magkakatotoo nga ba ito o hindi.

<sup>92</sup> Pero noong umaga ng Pasko ng Pagkabuhay, nakatanggap sila ng isang Mensahe, "Humayo kayo sa buong sanlibutan, inyong ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat nilikha. Nabuhay Ako mula sa mga patay. Narito, Ako'y kasama ninyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanlibutan. Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas, ang hindi sumasampalataya ay parurusahan. At ang mga tandang ito ay tataglayin ng mga nananampalataya: magpapalayas sila ng mga demonyo sa Aking Pangalan; magsasalita sila ng mga bagong wika; kung makahawak sila ng mga ahas o makainom ng mga bagay na nakamamatay, hindi ito makasasama sa kanila; kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila'y gagaling." *Ang Mensahe Ng Pasko Ng Pagkabuhay*, isa ito sa bukod-tanging mensahe na mayroon kailanman. Napagtagumpayan na ang kamatayan!

<sup>93</sup> Naiisip natin ang isang mananakop. Si Napoleon, sa edad na tatlumpu't tatlo, ay nasakop na ang mundo. Nasakop niya ang mundo, tinalo niya ang bawat bansang matatalo. At labis siyang nadismaya dahil wala nang iba pang natitira na kakalabanin, naupo siya't umiyak. Wala nang iba pa para kalabanin, pero nilaro niya ang mga patakaran ng labanan nang hindi patas. Laksa-laksang mga patotot ang nakasunod sa likod ng kanyang hukbo, humahayo siyang may baril at may tabak. Sa edad na tatlumpu't tatlo, nasakop niya ang mundo. Mangyari nga na isa siyang dating prohibisyonista, at namatay naman na isang lango sa alak, dahil sa nilaro niya ang patakaran ng labanan nang hindi patas. Nakalimutan niya ang mensahe. Nakapanakop siya, pero nakalimutan niya ang mensahe. Humayo siya, pero nakalimutan niya kung para saan ang pagpunta niya.

<sup>94</sup> Katulad nung munting batang lalaki na tumakbo sa karera, katulad ng iglesya na tumatakbo ngayon, katulad ng mga taong tumatakbo, katulad ng bansa na tumatakbo! Ang ating ligtas na kanlungan ay hindi mga bomba atomika, ang ligtas nating kanlungan ay si Jesus Cristo at ang pagkabuhay Niyang mag-uli.

95 Nakalimutan ni Napoleon ang pinaka mahalagang bagay. Anong nangyari sa kanya? Namatay siyang lugmok sa pagkatalo, isang lango sa alak. Bakit? Hindi siya naglaro nang tama, bagamat nasakop niya ang mundo, sa pisikal. Naghanda siya ng isang hukbo. Isa siyang henyo pagdating sa militar, sinakop niya ang bawat bansa at naabot ang mga bagay (na siya) na wala nang ibang tao ang makagagawa kailanman o nakagawa kailanman, gaya ng ginawa niya, subalit nakalimutan niya kung ano 'yung tunay na mensahe. Dinala niya 'yun, at dala-dala ang kanyang lakas-militar, pero kinalimutan niya ang lakas ng Panginoon.

96 Ang kalakasan ng Panginoon ang ating kaaliwan. Wala na tayong iba pang kalakasan. Wala na akong ibang kanlungan, wala! Mahabag ang Diyos! Kunin na ang aking buhay, pero huwag ko lang kailanman makalimutan kung saan nanggagaling ang aking lakas. Siyanga't nagmumula ito sa Panginoon! Ayaw ko ng magagandang bagay ng sanlibutan. Ang nais ko'y si Jesus, ang nais ko'y mag-alab ang Kanyang muling pagkabuhay sa buhay ko.

97 Napakalaking pagkakaiba nun kay Jesus Cristo sa edad na tatlumpu't tatlo! Sa edad na tatlumpu't tatlo, pag-aari na Niya ang lahat ng bagay; ginawa Niya ang mundo. At Siya ay nasa mundo, at hindi Siya nakilala ng mundo. Hindi Niya itinanyag ang Kanyang Sarili. Hindi Siya nagtipon kailanman ng militar. Hindi Siya kailanman nag-organisa ng anumang mga iglesya. Hindi Siya kailanman gumawa ng anumang mga dakilang pangalan para sa Kanyang Sarili. Hindi Siya kailanman lumabas na may kung anong napakataas na mga digri ng doktrina, teolohiya, at kung ano pa, wala kailanmang tala na Siya'y pumasok sa anumang paaralan ng teolohiya. Subalit nasa Kanya ang Diyos. Nasa Kanya ang Diyos. At sa edad na tatlumpu't tatlo, pinagtagumpayan Niya ang bawat demonyong nag-uusli ng ulo mula sa impyerno. Pinagtagumpayan Niya ang karamdaman. Pinagtagumpayan Niya ang mga pamahiin. Pinagtagumpayan Niya ang mga demonyo. Pinagtagumpayan Niya ang kamatayan. At noong namatay Siya sa krus, bumaba Siya sa pinaka malalim na mga hukay ng impyerno, at pinagtagumpayan ang impyerno.

98 At noong umaga ng Pasko ng Pagkabuhay ay pinagtagumpayan Niya ang libingan. Bakit? Ginampanan Niya nang tama ang patakaran ng laro, tumatakbong may Mensahe. Siya noon, humayo Siya! "Humayo Ka." Sinugo Siya ng Diyos, at dala-dala Niya ang Mensahe na sasabihin sa kanila. At sa pamamagitan ng Mensaheng ibinigay ng Diyos sa Kanya, pinagtagumpayan Niya ang mga kapangyarihan ni Satanas. Pinagtagumpayan Niya ang karamdaman. Pinagtagumpayan Niya ang kamatayan. Pinagtagumpayan Niya ang impyerno. Pinagtagumpayan Niya ang libingan. Bakit? Pumunta Siya! "Humayo Ka, sabihin Mo!" "Ginagawa Ko sa tuwina kung ano ang ipinapakita sa Akin ng Aking Ama na gawin. Wala akong

ginagawang anuman kundi kung ano lang ang sinasabi Niya sa Akin na gawin.”

<sup>99</sup> Pagkatapos bago Siya mamatay, sinabi Niya ito, “Kung papaanong sinugo Ako ng Ama, sinusugo Ko rin naman kayo.” Hindi para bumuo ng mga tauhan sa pamamagitan ng lakas militar; hindi para igugol ang lahat ng inyong oras sa kung sinong magiging Presidente. Maaari ngang mahalaga 'yun, pero hindi 'yun mahalaga *Rito*. Wala na ang mundo. Mayroon tayong isang Mensahe, 'yun ay, nabuhay si Jesus Cristo mula sa mga patay, at Siya'y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman.

<sup>100</sup> Kahapon, sa korte, pinipilit nilang pasalitain ako ng isang bagay na hindi tama. Sabi ko, “Hindi ako manggagantso.” Sabi ko, “Ako'y—ako'y—ako'y tapat. At hindi ka makapagsasabi ng anuman kundi kung ano mismo ang totoo.”

<sup>101</sup> At kasama ko ang isang lalaki, ang sabi, “Kung kakausapin ako ng isang tao nang ganyan, baka mabato ko pa siya ng libro.”

<sup>102</sup> Sabi ko, “Huwag, naman. Huwag, hindi 'yun tama. Hindi ganoon ang paraan para isaayos ito. Hindi tama.”

<sup>103</sup> Sabi niya, “Buweno, bakit hindi mo alam na nangyayari na pala ang mga bagay na ito? Bakit wala ka roon na ginagawa ito?”

Sabi ko, “Ginugugol ko ang panahon ko sa paglilingkod kay Jesus Cristo.”

<sup>104</sup> Oh Diyos, oh, ang mga tao ay bulag at hindi ito nakikita! “Kung paanong sinugo Ako ng Ama,” sinugo Siya ng Ama, humayo Siya. Mayroon Siyang isang Mensahe para sabihin sa mga tao. At sa oras ng kamatayan, pinagtagumpayan Niya ang kamatayan at pinagtagumpayan Niya ang impyerno, at pinagtagumpayan Niya ang libingan. “Kung papaanong sinugo Ako ng Ama na taglay ang Mensahe, sinusugo Ko naman kayo na taglay ang Mensahe; hindi para magtayo ng mga simbahan, mga organisasyon, kundi humayo kayo sa buong sanlibutan at ipamalas n'yo ang Kapangyarihan ng Espiritu Santo. Ang mga tandang ito ay tataglayin ng mga nananampalataya; sa Aking Pangalan ay magpapalayas sila ng mga diyablo, magsasalita sila ng mga bagong wika, hahawak ng mga ahas.” At kung papaanong ang mga katawan natin ay pumupunta sa libingan, gaya ng ginawa Niya, pinagtagumpayan Niya pareho ang kamatayan, impyerno, at ang libingan. Siya ang dakilang Mananagumpay.

<sup>105</sup> Sinusugo Niya tayo taglay ang Kanyang Mensahe. Humayo tayong taglay ang Mensahe, humayong taglay-taglay ang sasabihin. “Humayo kayo, sabihin ninyo!” Huwag tumakbo at pagkatapos hindi n'yo maipagsabi, atin muna itong papasukin sa sarili nating puso.

106 Paglapit n'yo para maipanalangin, ngayong umaga, huwag kayong lalapit nang padalos-dalos. Lumapit kayong taglay ang Mensahe sa inyong puso, "Ako Yaong namatay, at nabuhay na muli. Ako ang Siyang nagbigay ng Mensaheng, 'Ang mga tandang ito ay tataglayin ng mga nananampalataya.'" Kung may kakayahan ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat na kunin ang isang—isang munting banlag na sanggol at ibalik sa normal ang kanyang paningin; may kakayahan ang Diyos na kunin ang isang sanggol, isang sanggol na lalaking isinilang, na hindi kailanman nakakita sa buong buhay niya, at labing-anim na taong gulang na, para ipanumbalik muli ang paningin niya sa kanya; kayang kunin ng Diyos ang isang kahabag-habag na maralitang tao na halos kinain na ng kanser . . .

107 At dahil sa tama ang Mensahe, dahil sa ipinadala ng Diyos ang Mensahe, dahil sa isinugo ng Diyos ang mensahero, walang duda na pupunteryahin at pupunteryahin siya ng bawat baril ng impyerno. Siyanga, madadapa siya't babagsak, pero tatayo at iiling, at magpapatuloy pa rin. Mayroon tayong isang Mensahe, walang makapipigil Nito! Hallelujah! "Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng impyerno'y hindi kailanman makakapanaig laban Dito." Sabihin na nila ang gusto nilang sabihin, gawin ang gusto nilang gawin, magalit na't umalulong man ang diyablo. Pero nagbangon si Jesus mula sa mga patay, at nabubuhay Siya ngayon sa atin!

108 Ilang mga araw na ang nakalipas, nakausap ko ang magaling na Doktor Lamsa, na nagsalin sa Biblia mula Aramaic, sa Ingles. At nakita ko ang munting simbolo na 'yun, simbolo na pumapatungkol sa Diyos doon, na may tatlong maliliit na tuldok. Sabi ko, "Doktor Lamsa, ano 'yan?"

Sabi niya, "Ang Diyos ito, na may tatlong katangian."

109 At sabi ko, "Ibig mo po bang sabihin, ang Diyos ay nabubuhay sa tatlong katungkulan, gaya ng, Ama, Anak at Espiritu Santo?"

110 Tumayo siya at tiningnan ako, tumulo ang luha sa mga mata ng Judiong 'yun, sabi niya, "Pinaniniwalaan mo ba 'yun, Kapatid na Branham?"

Sabi ko, "Nang buong puso ko po mismo."

111 Niyakap niya ako, at sinabi, "Napaisip nga ako noong nakita ko roon ang mga dakilang bagay na nagaganap, at ang mga tanda na ginagawa mo." Sabi pa, "Sinabi nila sa akin na isa ka raw propeta. Hindi ko 'yun pinaniwalaan, hanggang ngayon. Pero ngayon alam ko na mismo na ikaw nga'y isang propeta." Sabi niya, "Ganoon nga ito! Iyon ang Mensahe. Iyan ang bagay na yayanig sa Kaharian ng Diyos." Siyanga. Sabi niya, "Balang araw mamamatay ka na itinataguyod ito, iho." Sabi, "Tatatakan mo ang patotoo mo ng siya ring bagay na 'yun."

<sup>112</sup> Isa sa mga pinaka magagaling na lalaki na mayroon tayo, haya't mayroon na tayong Eisenhower at kilalang mga kalalakihan sa mundo, ang Hollywood, lahat na ng uri ng mga artista sa pelikula't ang lahat ay tumatawag para kaugnayin siya, pero nanatili siya dun mismo sa pagtitipon. Sabi niya, "Sa halos tatlung taon na, na isinasalin ko ito, hindi mula Griyego ng Vatican, kundi mula sa Aramaic; diretso mismo mula roon, mula Aramaic, na isinasalin sa Ingles." At sabi niya, "Ginugol ko ang lahat ng panahong 'yun," sabi niya, "ngayon lamang ako lumakad sa dako kung saan nakikita ko ang Diyos ng Biblia, na kumikilos." Sabi niya, "Alam mo, Kapatid na Branham, nakakakita kami ng mga tanda at mga kababalaghan, subalit minamasdan namin kung anong Tinig ang kalakip nung tanda. Kaming mga Judio, nakikita namin ang isang tanda, pero ang minamatyagan namin ay ang Tinig ng tanda."

<sup>113</sup> Oh, hallelujah! Ang Tinig ng tanda! Sinabi ng Diyos kay Moises, "Kung hindi nila diringgin ang Tinig, ang Tinig ng unang tanda, pakikinggan nila ang Tinig ng ikalawang tanda." Hindi gaano sa tanda, kundi sa Tinig na kalakip nito.

<sup>114</sup> Kita n'yo na, ang Judiong 'yun, alam niya kung anong sinasabi niya. Sabi niya, "Nakakita na ako ng espirituwal na mga pagkilala, nakakita na ako ng mga tanda, mga kababalaghan, ang mga bulag na gumagaling, at lahat ng uri ng iba't ibang mga tanda, pero sa isip-isip ko, pero ngayon ay nakikita ko na mismo ang Tinig sa likod nito na hindi hahati-hatiin ang Diyos sa tatlong bahagi, at sasabihin, 'Siya ay isang Diyos, ang Ama, at ang kasunod, ang Anak, . . .' Sinasabi niya, 'Ang Diyos ay Diyos: tatlong katangian ng Diyos; tatlong katungkulan ng Diyos.'" Sabi, "Kinukumpirma nga nito ito."

<sup>115</sup> Oh, kapatid, mayroon tayong isang Mensahe! "Humayo kayo, sabihin ninyo sa mga alagad Ko! Hindi ako *isang* namatay, at ang *isa pa* na halos patay, at ang *isa* na buhay. Ako Yaong Nakaraan, ang Ngayon, at ang Darating; ang Ugat at Supling ni David; ang Maningning na Tala sa Umaga." Siyanga!

<sup>116</sup> Anong mabuting maidudulot ng paghayo, ang humayo, kung wala ka namang bagay na sasabihin? Kailangan may bagay talaga na sasabihin, siyanga: "Si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos, ay iniibig kayong lahat. Namatay Siya para sa inyong lahat. Ibigin n'yo si Jesus Cristo na Anak ng Diyos."

<sup>117</sup> Ilan na ang nakadalo sa mga pagtitipon, at nakita ang mga dakilang tanda at mga kababalaghan ng Kanyang—ng Kanyang pagpapakita, kung paano Siya tumatalos at nagpapamalas, at mga bagay? Iyon nga ang Diyos ng Langit, na Siyang bumangon mula sa patay.

<sup>118</sup> Dapat ninyong makita ang tanda ng Hebreong tanda Nito. Ito'y isang Liwanag, gaya ng isang Haliging Apoy, at doon ay may tatlong maliliit na marka, Ama, Anak, at ang



Espiritu Santo, na hindi tatlong persona. Iyon nga'y isang Diyos na nabubuhay sa tatlong katungkulan. Ang iisang Diyos! Hallelujah! Ang Diyos sa itaas n'yo, ang Diyos na kasama n'yo, and Diyos na sumasa inyo. Ang Siya rin na ibinaba ang Kanyang Sarili Mismo, nilinis ang Kanyang Iglesya, upang Siya ay mabuhay. Kapag pinagpipira-piraso n'yo Siya, at ilalagay ang isang bahagi sa dako *rito*, at ang isang bahagi sa dako *rito*, isa *roon*, ito'y paganong-pagano kung ganoon.

<sup>119</sup> Naniniwala ako sa muling pagkabuhay ni Jesus Cristo, na nagbangon Siya mula sa mga patay. At Siya lamang ang Tao na makapagsasabing, “Ang lahat ng mga kapamahalaan sa Kalangitan at sa lupa'y ibinigay na sa Aking kamay. Ang lahat ng mga kapamahalaan sa Kalangitan at sa lupa ay ibinigay na sa Aking kamay. Humayo kayo sa buong sanlibutan, at ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat na nilikha.” Ang Ebanghelyo ay hindi dumating na salita lamang, kundi sa kapangyarihan at mga pagpapamalas ng Espiritu Santo. Tulungan nawa kayo ng Diyos na sampalatayanan 'yan, tulungan nawa ako ng Diyos na sampalatayanan 'yan, at siyanga't makikita natin si Jesus balang araw.

Kapag ang mga pagpapagal sa buhay ay natapos na, makikita na natin si Jesus sa wakas;

Sa Kanyang marilag na Luklukan malugod  
Niya akong tatanggapin sa Tahanan,  
Kapag nagwakas na ang araw. (Siyanga.)

Naanod na ang mga buhangin na  
pinagbakasan ng mga paa  
Niyaong Dayuhan mula sa dalampasigan ng  
Galilea.

<sup>120</sup> Pinatay nila Siya dahil sa ginawa Niyang Diyos ang Kanyang Sarili, at Siya nga ang Diyos. Kanilang ibinayubay Siya, hayan nga't, namatay Siya sa ilalim ng parusang kamatayan. Yan po ang dahilan kung bakit hindi ako naniniwala sa parusang kamatayan. Namatay si Jesus sa ilalim ng parusang kamatayan mula sa pamahalaang federal ng Roma. Ang parusang kamatayan noon, ay, pagbabayubay sa isang krus. Namatay Siya sa ilalim ng parusang kamatayan, hinubaran ng Kanyang mga damit, at ibinayubay dun, pinahiya Siya, at namatay Siya sa ganoong kalagayan. Subalit ibinangon Siya ng Diyos sa ikatlong araw!

<sup>121</sup> At tayo ang Kanyang mga saksi. At kung hindi tayo maninindigan para sa Kanya, sinong maninindigan para sa Kanya?

<sup>122</sup> Nakipagkita sa akin ang isang lalaki noong isang araw, sabi, “Oh, Kapatid na Branham, huwag mong pagsabihan. Itigil mo ang kasasabi. Sinasaktan mo—sinasaktan mo ang damdamin

ng mga kababaihan, tungkol sa pagpapaiksi nila ng buhok, at tungkol sa paggawa nila ng *ganito* at paggawa nila ng *ganoon*, at iba pang gaya nun.”

<sup>123</sup> Sabi ko, “Kung hindi ko sasabihin sa kanila, sino pa ang magsasabi sa kanila? Sinong magsasabi nito?”

Sabi, “Buweno, pinapagalit mo sila na mga mangangaral.”

<sup>124</sup> Mas mabuti pang magalit sila sa akin, kaysa naman Siya. Ito ang Katotohanan. Ganoon nga! [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Tama. Sinong magsasabi nito? Mayroong dapat magsabi nito.

<sup>125</sup> Sabi ni Jesus, “Humayo kayo, sabihin ninyo. Humayo kayo at sabihin ninyo, sabihin n’yo sa Aking mga alagad na Ako ay bumangon mula sa mga patay. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Narito, Ako’y kasama ninyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanlibutan.”

<sup>126</sup> Naniniwala ba kayo roon, mga kaibigan?

Manalangin tayo, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo ngayon para sa pananalangin.

<sup>127</sup> Oh Diyos Ama! Tunay, “Humayo, sabihin. Humayo, sabihin sa mga alagad Ko na Ako’y bumangon mula sa mga patay.” At Diyos Ama, hindi mo lamang sinabi sa Iyong mga alagad, kundi pinatunayan Mo sa kanilang Ikaw ay bumangon mula sa mga patay. Ipinakita Mo ang Iyong Sarili sa piling nila, at ginawa nang sadyang eksakto ang paraang ginawa Mo bago Ka mamatay. Labing-siyam na raang taon ang nagdaan at lumipas, Panginoon, nag-aalab pa rin ang Mensahe. Ito’y kasing liwanag at nag-aalab sa aming mga puso ngayon kung papaano mismo roon sa kanila na mga alagad, dahil nakikita namin ang nabuhay na Panginoon sa kalagitnaan namin, na ginagawa ang mga bagay na ginawa Niya dati. Alam naming Siya ay nagbangon mula sa mga patay.

<sup>128</sup> Napakahalaga ng Pasko ng Pagkabuhay para sa amin, dahil kami po’y nakisama na’t tinatamasa ang pakikisama ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli. Dahil kami noo’y patay sa kasalanan at mga pagsalansang, gaya ng alibughang anak, pero alam naming nakasumpong kami ng biyaya, at pinatawad na kami ng Diyos sa aming mga pagkakasala. Ipinagkaloob din Niya sa amin ang Tatak, gaya ng ipinagkaloob Niya kay Amang Abraham, upang patunayan na tinanggap Niya kami. Sinabi nga ni Amang Abraham na sinasampalatayanan Niya ang Diyos, pero ipinagkaloob Niya sa kanya ang tatak ng pagtutuli bilang isang pagpapatunay na kanya ngang sinampalatayanan ang Diyos. At ngayon, Ama, sa araw na ito kami’y tinuli na ng Espiritu Santo, ang lahat ng mga bagay ng sanlibutan ay lumipas na. May isa kaming layunin: ang paglingkuran Ka. May isa kaming hangarin: ang ibigin Ka, ang maging alagad Mo.

<sup>129</sup> At ngayon, Panginoon, dalangin ko po na Iyong patotohanan itong munting paputol-putol na mensahe sa bawat puso. Ibunsod ang mga tao na hindi nila ito mapalampas. Ipakita Mo po sa kanilang Ikaw ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, na naririto Ka, nagbangon mula sa mga patay, ang magiging gayon hanggang sa—sa ang Espiritu at ang katawan ay maglakip muli sa Ikalawang Pagparito.

<sup>130</sup> Dumadalangin po ako para sa mga maysakit na narito, Ama, ngayong umaga. Akin na ngayong, sa umagang ito ng Pasko ng Pagkabuhay, akin nang isinantabi (o, hindi isinantabi, kundi inilalapag pansumandali) ang mga kaloob na Iyong ipinagkaloob sa akin, gaya ng espirituwal na pagkilala. Ang mundo, ako'y nagpabalik-balik sa iba't ibang bansa, Panginoon, alam nilang lahat ito. Ngayon ay dalangin ko po, na, ang ipinagkaloob Mong Mensahe sa akin dito sa kakahuyan, na, ilang araw na ang nakalipas, na, batay sa kapangyarihan ng paglikha na narito sa iglesyang ito ngayong umaga, ang mismong mga tao na dahil sa kanila ay nilikha ito, dalangin ko po, Diyos, sa pagpunta ko upang ipatong ang mga kamay ko sa mga maysakit ngayong umaga, kasama ng mga kapatiran ko rito, na Ikaw po'y bababa sa iglesyang ito ngayong umaga, na may kahabagan, at Iyo pong pagalingin ang mga tao, at hindi na magkaroon ng isa mang tao na mahina sa aming piling kapag natapos na ang gawain. Ang bawat isa nawa sa kanila'y mapagpala mismo't gumaling.

<sup>131</sup> Nalalaman namin, Panginoon, hindi ito anumang bagay na maaari naming gawin sa aming sarili. Ito'y simpleng pananampalatayang tulad ng sa bata, na naniniwala. Nakikinita namin ang mga alagad noon matapos na sila'y mapagkalooban ng kapangyarihan para magpagaling ng mga maysakit, nagsiyaon sila't nabigo sa isang kaso ng epilepsy; nagsisigaw at umiyak, marahil, at nagtatalon, at sinusubukang mapalayas ang diyablong 'yun. Subalit noong nakatagpo nun si Jesus, oh, ibang-iba! Sabi Niya, "Ikaw na masamang espiritu, lumabas ka mula sa kanya." Napakalaking pagkakaiba! Oh, alam niyang hindi 'yun isang alagad. Iyon ang Panginoon Mismo. At pinangatal ng espiritu ang batang lalaki't isinubasob siya sa lupa. Subalit sabi ni Jesus, "Hindi siya patay. Itayo n'yo lamang siya't bigyan siya ng makakain." Umalis ang masamang espiritu.

<sup>132</sup> Oh Jesus, Ikaw na Anak ng Diyos, pumarito Ka pong muli, malaya Mo pong pahiran ang Iyong Iglesya, nang ganap, nang may kapangyarihan. Buhayin nawa muli ng Espiritu ni Jesus na nabuhay mag-uli ang munting iglesyang ito ngayong umaga tungo sa isang bagong pananampalataya, kapangyarihan, kapangyarihan ng pananampalataya, upang maibunsod namin ang bawat sumasalungat tungo sa kahihyan. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Itinitiwala ko ang lahat ng mga taong ito sa Iyo, hinihiling na pagpapalain Mo sila't pagkalooban ng kaligtasan

ang kanilang mga kaluluwa, kagalingan sa kanilang mga katawan, sa pamamagitan ni Jesus Cristo na aming Panginoon.

<sup>133</sup> At habang nakayuko ang ating mga ulo, itatanong ko lang ang tanong na ito. Mayroon ba rito na hindi pa Cristiano, na ibig na maalaala ngayon, sige't sabihin n'yo, "Idalangin mo ako, Kapatid na Branham"? Pagpalain ka ng Diyos diyan. Mayroon pa ba, "Hindi ako Cristiano. Narinig ko na ang balitang nagbangon si Jesus mula sa mga patay, pero talagang wala akong nalalaman tungkol dito. Hindi pa Siya nagbangon sa puso ko. Wala akong kasiyahan. May sakit ako, hayan din. Sumasali ako sa pila para sa pananalangin, babalik at sasali sa isa uli, babalik at sasali sa isa pang panibago. Nagpapalipat-lipat ako ng simbahan, at palipat-lipat ng lugar." Hindi po ganyan. Ito'y pagsampalataya sa Kanya. Nagbangon Siya mula sa mga patay. Sapat na 'yun. May iba pa bang magtataas ng inyong kamay? Sasabihin. . . Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. May iba pa ba, "Ibig kong manampalataya. Ibig kong manampalataya"?

<sup>134</sup> Ilan ang may sakit na narito? Itaas n'yo ang inyong kamay, sabihin, "Ibig kong manampalataya. Ibig kong malaman ang Mensahe ngayong umaga." Pagpalain ka ng Diyos. Mabuti 'yan. Oo, pagpalain ka ng Diyos, iho. Mabuti. Buveno.

<sup>135</sup> Ngayon, Teddy, gusto kong tugtugin mo ang "*Ang Dakilang Manggagamot*," pansumandali, kung mamarapatin mo, "ay malapit ngayon." At habang tinutugtog mo 'yan. . .

<sup>136</sup> Medyo napakahirap na. Naglilitawan na ang mga pangitain sa buong gusali, kita n'yo. Oo, sinisikap ko, sinisikap kong ito'y maging isang pagkabuhay na mag-uli, na medyo mas mataas, medyo mas mataas sa—sa buntong ng abo na kinauupuan ko. Gusto ko ng dagdag pang kapahayagan. Alam ko ang isang bagay: Hangga't nakahawak ako sa unang pagmiministryong 'yun, hindi darating ang ikalawa, hindi ito dumating. Ngayong hangga't nakahawak ako sa ikalawa, hindi darating ang ikatlo, kita n'yo. Kinakailangan kong humakbang, humakbang at sampalatayan ito, "sinabi ng Diyos!" Ilang araw na ang nakalipas. . .

<sup>137</sup> Ngayon ay maaari n'yo nang iangat ang inyong mga ulo ngayon kung ibig n'yo. Nakita ko ang inyong mga kamay; nakita 'yun ng Diyos.

<sup>138</sup> Gusto kong sabihin sa inyo ang isang munting bagay. Si Kapatid na Ed Daulton, sa pagkakaalam ko kapapasok lamang niya sa pintuan, mabuting kapatid na Baptist, siya at ang kanyang maybahay. Narito si Kapatid na Jeffries sa kung saan man. Si Othel Jeffries. At narito siya, alam kong narito siya sa kung saan. Hayan po, na silang mga kapatid ay bumuo ng isang pagtitipon para papuntahin ako, doon sa Kentucky. Mga kapatid, mga minamahal na kapatid, na nagmamahal sa

kanilang mga kapitbahay at kanilang mga kababayan. Nagrenta sila ng mga awditoryum at mga imbakang-militar at mga bagay, para lamang sa isang gabing gawain, inupahan ang mga gusaling-militar. Ang munting J. T. Hoover, kung ano man ang kanyang. . . L. G. Hoover ay bumuo rin ng isa roon sa Elizabethtown. At si Kapatid na Ed Daulton doon naman sa Willow Shade o—o Somerset, Somerset. At ang kapatid, ang isa pang kapatid ay meron din doon sa bandang Glasgow, kung saan ako isinilang. Para nga sa mga tao roon kung saan ako isinilang at lumaki, kung saan unang nagpakita ang Anghel ng Panginoon sa akin.

<sup>139</sup> At gusto kong bumalik. Subalit nakaramdam ako ng marahang tulak. At sabi ko, “Buweno, alang-alang sa mga kapatid, itatakda ko ang pagtitipon.” Pagkarating na pagkarating ko sa libis na ito, sumarado kaagad ang lalamunan ko’t hindi ako nakapagsalita nang siyam na araw, hanggang sa lumampas na lang ang mga pagtitipon.

<sup>140</sup> Si Kapatid na Ruddell, maaaring narito siya ngayong umaga, rin, isa sa mga kapatid na taga-rito sa tabernakulo, siya at si Junie Jackson at iba pa, may isang pagtitipon dapat ako para sa kanya. At bigla-bigla na lang, basta na lang nagsara ang lalamunan ko. At bigla na lang, nilagnat ako ng mga nasa sandaan at lima ang temperatura. At papunta na ako sa pagtitipon, unang-una, at—at ang sabi sa akin ni Doc Schoen. . . Sabi ko, “Namamalat ang lalamunan ko.”

<sup>141</sup> Sabi niya, “May ibibigay ako sa’yo para mapaluwag ’yang lalamunan mo, at tumuloy ka lamang at mangaral.” At ininom ko ’yung kung anong iba pang ibinigay niya sa akin, at kung ano nga ’yun, hinatak nun pababa ang sinus ko’t nagbara. Pagkatapos ay nahiga ako sa highaan nang siyam na araw, na sadyang napakataas ng lagnat.

<sup>142</sup> Marami sa mga kapatiran ko rito ang pinuntahan ako, maraming kilalang mga kapatid ang nagpunta para manalangin para sa akin. Dumating si Kapatid na Graham Snelling, dumating si Kapatid na Ruddell, ang lahat ng mga kapatid na lalaki rito, nagtipun-tipon ang lahat, nananalangin at lahat ng iba pa. Ako’y nananalangin din naman, sinisikap ko talaga sa abot ng makakaya ko, ni hindi nga ako makabulong man lang. Napaisip ako, “Ano kayang nangyari?” Ang kalugud-lugod kong munting asawa na nakaupo ryan, siya at sila’y nananalangin para sa akin, pero ganoon pa rin. Hindi nila maunawaan.

<sup>143</sup> Ngayon, binigyan niya ako ng ilang gamot para inumin, pero hindi ko ininom ’yun, dahil ’yun ay pampaantok. At kaya hinayaan ko na lang. At patuloy kong binubulay, “Panginoon, tunay nga!”

<sup>144</sup> At pagkatapos, noong matapos na ang mga pagtitipon, noong mag-Lunes na (hayang nga’t, ang huling pagtitipon, ay dapat

Sabado sana), at pagkatapos (sa tingin ko), at pagkatapos, sinubukan kong tumayo ng Lunes. Hinang-hina ako, hindi ko kinayang maglakad man lang sa silid. Naupo ako.

145 Alam n'yo, nagpapasalamat ako nang labis para sa isang maybahay na bigay ng Diyos. Hindi ba't kayo rin, mga kapatid na lalaki? Isang tunay na maybahay, isang tunay na katuwang!

146 Naupo ako. Sinenyasan ko siya, at pinalapit ko siya sa akin. At sabi ko, "Meda, kung minsan napapaisip ako," sabi ko, "Napapaisip ako, ano kayang nangyayari." Sabi ko, "Bakit kaya mayroong mga pagtitipon, at hinayaan ako ng Diyos na maratay nang ganito?" Sabi ko, "Bakit ganoon?" At sabi ko, "Kung minsan naiisip ko kung tinawag Niya ba talaga ako."

147 Sabi niya, "Hindi ka ba nahihiya sa sarili mo?" Kita n'yo? At sinabi niya sa akin, sabi, "Bill, hindi mo ba alam na nalalaman ng Diyos kung anong ginagawa Niya sa iyo? Basta, pumayapa ka lamang."

148 At kaya pumasok na ako. Yun nga'y kaunting saway sa akin, alam n'yo. At kaya pumasok na ako't nahiga sa highaan. Pumasok siya para palitan ang mga kumot. At inilagay niya 'yung—'yung mga bagay na 'yun sa kanyang braso, at noong papalabas na siya, tumingin ako, at may isang . . .

149 Nakita ko ang isang lu-...ang isang napakalaking imbakang-militar, na sinikatan ng araw at sumabog sa lupa, sumambulat 'yun na nagpira-piraso, na sumisikat ang araw mula sa Langit. At may tatlong babae at isang lalaki, na dumating. At naglabas sila ng parang maliliit, parang maliliit. . . kung anong uri ng maliliit na baril, tila ba. At sabi niya, "Ibinabaon n'yan ang mga pako." At sabi, "Aming. . . Hawakan mo ang mga nagpira-pirasong ito, Kapatid na Branham, at itatayo namin uli ang imbakang-militar na ito para sa iyo."

At sabi ko, "Sige, hahawakan ko."

150 Subalit May nagsabi, "Huwag mong gagawin 'yan." Buweno, yumuko ako para dumampot na sana ng isang piraso, nang *paganito*, para itayo 'yun nang *paganito*. At sa oras din na 'yun ay nagsalita sa akin ang isang Tinig, at nagsabi, "Ngayon papunta na sila para pabalikin ka. Huwag mong paniwalaan 'yun." Sabi, "Tunay namang sila'y sinsero, at pupuntahan ka nila na may GANITO ANG SABI NG PANGINOON, pero mali sila." Kita n'yo?

151 Si Fred Sothman, marami sa kanila rito, ay naroon mismo noong sinabi ko sa kanila ang tungkol dito. Wala pang isang oras, dumating sila sa pintuan ko. Sabi ko, "May tatlong babae at isang lalaki."

"Tama po."

“Dumating sila na may GANITO ANG SABI NG PANGINOON?”

“Siyanga, po, sila . . .”

<sup>152</sup> Sabi ko, “Sige’t, alam mo na ang sasabihin sa kanila.” Sinsero pero mali, kita n’yo. Mabubuting tao, subalit sinsero na mali. Kita n’yo?

<sup>153</sup> Pagkatapos sa isip-isip ko, “Buweno, anong maaari kong gawin? Anong dapat kong gawin?” At pagkatapos ay pumasok si Meda, at bumalik na siya. At nagpunta si Kapatid na Freddie at sinabi sa mga taong ’yun. At pagkalipas ng ilang saglit, naroon ako sa—sa highaan, at naisip ko, “Bakit nangyari ito nang ganoon? Bakit hindi ako makapagsalita? Bakit hindi ko kayang makipag-usap sa sinuman, o kung ano?” At nakahiga ako roon. At pumasok si Meda, at pabalik na sa labas ng kuwarto.

<sup>154</sup> At tumingin ako, at may nakita akong umaandap-andap doon sa isang gilid. At tumingin ako, at naroon itong . . . bumukas ’yung dingding ko, at nakita ko si Jesus. Ilan na ang nakarinig na naikuwento ko na ’yan na nakita ko si Jesus nang dalawang beses sa buhay ko, sa pangitain? At naniniwala akong makikita ko Siyang muli bago ang wakas ng panahon, kita n’yo, makikita ko Siyang muli. Ngayon, tumingin ako, at ang himpapawid ay naroon mismo, haya’t para bang sumisilip ako nang tagus-tagusan sa dingding. At naroon ang Bibliang naroo’t *nakapaganito*, napakalaking Bibliang naroon sa himpapawid. Buweno, may isang bagay na nagliwanag sa paligid nung Biblia, at lumabas mula sa Biblia ang isang napakagandang ginintuang krus. At tumayo ’yun nang *paganito*, at nanggagaling ’yung mga liwanag sa buong palibot nito, at mula sa krus na ’yun ay lumakad Siya. Pinapaaninag nung Biblia ’yung krus, pinapaaninag naman Siya nung krus. At lumakad Siya palabas, at lumakad mismo patungo sa kinaroroonan ko. Nakikita ko ’yun nang malinaw, nakikita ko ’yung krus na ’yun na pinapaaninag ang Kanyang buhok na naroon, nakalaylay sa may mukha Niya.

<sup>155</sup> Tumingin Siya sa akin pababa nang *paganoon*, at sinabi Niya sa akin, “Hinihintay mong kumpirmahin sa iyo ang bago mong pagmiminsteryo.” Sabi Niya, “Kinumpirma Ko na ito sa’yo. Nakumpirma na ito. Kinakailangan mo itong tanggapin.” Kita n’yo? At tumayo ako at nakinig sa Kanya nang pansumandali. At pumasok ’yun sa isip ko. Hindi ko narinig ’yun, pumasok lang ’yun sa isip ko.

<sup>156</sup> Gaya ng isang taong naging isang makasalanan buong buhay niya, at alam niyang may Biblia, alam na may isang Diyos, at may narinig siyang isang pangangaral, pagkatapos May Isang magsasabi sa kanya, “Ikaw ’yun.” Pagkatapos, ang Salita ring ’yun ay naroon na noon pa, pero Ito ay kinumpirma pa lang sa kanya roon, pagkatapos ay sasabihin niya, “Panginoon, patawarin Mo po ako.” Pero walang mabuting magagawa ’yun

hangga't tanggapin niya muna ang kanyang kaligtasan, saka na siya lalantad at isa nang Cristiano. Kahit gaano pa man siyang umiyak, gaano man siyang magsumamo, kinakailangan niyang tanggapin Ito.

157 At sabi Niya sa akin pagkatapos, “Kinakailangan mong tanggapin ito sa gayunding paraan. Kinakailangan mong sampalatayanan ito.”

158 Takot ako sa pagkatalo. Anumang bagay, natatakot akong makapagdulong ako ng kasiraan. Ikinakatakot ko 'yun sa tuwina, nagmamatyag, iniisip na baka ako makapagsabi ng maling bagay. Dahil sa, nagkaroon na ako ng babala sa Biblia, kung papaanong pinagkalooan noon si Moises ng dakilang kapamahalaan, at ang kaso'y hinampas niya ang bato sa halip na kausapin ito. Naaalala ko si Elias, dahil sa nakalbo siya, inaasar siya nung maliliit na bata sa pagiging kalbo nito; at sinumpa niya ang mga batang 'yun, at apatnapu't dalawa sa kanila ang pinatay ng mga oso, kita n'yo. At hindi 'yun ang Espiritu Santo, kundi ang propeta lang 'yun, na ginalit. At aking—aking napagdaanan ang lahat na ng mga bagay-bagay, papunta sa ganoon.

159 At nakatayo Siya roon, nakikipag-usap sa akin. At ang sabi Niya, “Pero hayan nga na lumalakad kang kasama ang napakarami.” Sabi Niya, “Ang makasama Akong lumakad, lalakad ka nang mag-isa.”

160 At nakita ko mismo dun, na masyado na pala akong naglalaan ng maraming panahon sa mga denominasyon at lahat-lahat, kita n'yo, sa mga taong pinipilit na sabihin sa iyo kung anong gagawin at kung anong huwag gawin. Siya ang kailangan mong sundin. Ngayon, kung naaalala n'yo ang pangitaing ibinigay Niya sa akin tungkol sa mga isda, alam n'yo, at kung papaanong hindi mo matuturuan ng mga sobrenatural na mga tanda ang mga sanggol na Pentecostal. Naaalala n'yo. At hayun nga ito. Nasa pintuan na ako mismo ng bagong Mensahe na ito.

161 Nung umalis na ang pangitain sa akin, sabi ko, “Amen, Panginoon!” At ang maybahay kong nakatayo roon, ay halos himatayin. At bumangon ako bigla mula sa higaan, nakakapagsalita na ako na kasing ayos ng dati kong pagsasalita. Isang segundo lang, kaliit-litaan man nung lagnat ay lumisan na sa akin.

162 Tinawagan ko si Doc Schoen, sabi ko, “Gusto ko pong matingnan n'yo ako.”

Sabi niya, “Ano?”

163 At nagpunta ako roon, at tinignan niya ako, tiningnan ang mga sinus, sabi, “Sabihin mo sa akin kung anong nangyari, Kapatid na Branham.”

At sabi ko, “Paniniwalaan mo ba ang kuwento ko?”



Sabi niya, “Papaano kong di ’yan paniniwalaan? Nangyari na mismo.”

<sup>164</sup> Ganoon nga, kita n’yo. Ganoon nga, kaibigan. Alam mismo ng Diyos kung papaano kayo ilalagay sa isang buntong ng abo. Alam Niya kung papaano gagawa ng isang bagay para sa inyo hanggang sa maiparating Niya ang Mensahe sa inyo, kita n’yo, para maipagawa ang isang bagay.

<sup>165</sup> Ngayon, hindi ko alam kung gaano nang karaming pagkatalo. Nagpunta ako kamakailan lamang, nakikinig sa isang pagsasahimpapawid sa radyo. At may isang ministrong nangangaral tungkol sa muling pagkabuhay, mula sa Unang Mga Taga-Corinto 15. At ipinangangaral niya ang pagkabuhay na mag-uli. At huminto siya mismo sa kalagitnaan ng kanyang pangangaral, at sabi niya, “Alam n’yo, napakaraming tao ang takot sa pagkatalo.” Sabi niya, “Noong nalagasan si Heneral Patton ng isang pangkat ng mga sundalo,” sabi, “pagkatapos iniulat nila sa kanya. . . Nagpadala siya at gusto pa niya ng karagdagan, at pinadalhan nila siya ng karagdagan. Napatay ang mga ’yun, at nagpadala siya ng karagdagan pa. At noong naroon na ang ikatlong pangkat,” sabi, “sa tuwing humahaginit ang bala, nagsisitakbo sila sa ilalim ng isang silungan, o nagsisitakbo sa ilalim ng kung anong iba pa’t, grabe ang takot.”

<sup>166</sup> Sabi niya, “Padalhan n’yo ako ng mga lalaki, hindi mga bata.” Sabi niya, “Gusto ko ng kalalakihang handang mamatay. Ayaw ko ng kung sinong takot mamatay. Kung ang layuning ipinaglalaman natin ay hindi kasing halaga na sukat nating ikamatay, kung ganoon ilayo n’yo sila sa akin. Gusto ko ng mga lalaki.”

Sabi nila, “Pero natalo ka na nang dalawa o tatlong labanan.”

<sup>167</sup> Sabi niya, “Hindi pa ako natatalo sa digmaan. Natatalo lang ako sa isang labanan.” Tapos may nagsalita sa puso ko.

<sup>168</sup> Naaalala kong sinabi ni Eisenhower, “Noong magkarga ako ng bala, nag-utos ako’t nagkarga sila ng bala sa baril, at kinalabit nila’t hindi pumutok, hindi ’yun gumana,” sabi, “hindi ako huminto’t basta na lang sumuko. Inilabas ko ’yung bala’t naglagay ng isa pa, sinubukan ’yun uli. Kung hindi gumana, naglalagay ako ng isa pa, hanggang sa gumana.”

<sup>169</sup> Ganoon dapat ang pamamaraan dun. Hindi ko alam kung papaano mangyayari ito. Pero ang Diyos ang aking Hukom sa pulpitong ito, hindi ko alam kung gaanong karaming pagkabigo at gaanong karaming—gaanong karaming labanan ang matatalo ako, subalit hindi ako matatalo sa digmaan. Sinabi Niya sa akin na sasamahan Niya ako. Maninindigan ako hanggang sa makita ko ang pagmiministryong ’yun na mapatunayan at makita ’yun na kumikilos. Uumpisahan ko ito sa umagang ito, sa biyaya ng Diyos. Hindi ko alam kung gagana ito rito, kung gagana ito sa iba

pang lugar, kung papaano ito gagana o kung anong mangyayari. Pero bababa ako mismo sa mga pila para sa pananalangin, mananalangin ako para sa mga maysakit, hanggang sa malaman ko kung anong mangyayari. Nakita ko na itong nagyari nang dalawa o tatlong beses.

<sup>170</sup> Nakita ko na itong nangyari sa bahay ni Hattie. Ilan na ang nakarinig sa kuwento tungkol sa mga squirrel, at tungkol dun sa babae, sa munting babae? Ang kauna-unahang tao mismo sa lahat ng nalalaman natin, mula noong panahon ng mga alagad, na kailanman ay nabigyan ng pribilehiyong sabihin, “Hilingin mo kung anong iyong ibig,” kapag naroon ka na. Narinig n’yo na ba’yung kuwento? Nakita n’yo ba’yung babae? Ilan ang hindi pa siya nakikita, at nagnanais, gustong makita ang babaing pinangyarihan nito? Ating . . .

Hattie, maaari ka bang tumayo? Hayun po ang ginang.

<sup>171</sup> Naroon ako noon sa kanyang bahay. Ikinukuwento ko na matapos na makakita ako ng walong squirrel, na ganap ngang wala’t di mahagilap sa paligid saanman, at, binigkas lamang ang salita, at hayun nga’t lumitaw sila roon. Totoo’yun. Hayan nga’t, sumulpot sila. At sabi ko, “Anong nagbunsod para sumulpot ang mga squirrel na’yun doon?” nakaupo ako sa may hapag niya. At ang kanyang nanay, si Kapatid na babaing Wright, si Kapatid na lalaking Wright na narito ngayon, ay nakaupo roon. Ilan ang nasa mga hapag noon, na narito ngayong umaga? Itaas n’yo ang inyong mga kamay. Buweno, hayan po sila, sa iba’t ibang panig sa gusali. Kita n’yo? Buweno, naroon nga sila noon. At sabi ko, “Balang araw . . .” Nakaupo ang munting kapatid nilang babae roon.

<sup>172</sup> Sabi ko, “Kinakailangan itong dumating sa pamamagitan ng pangitain, at iba pa, pero balang araw magiging iba na ang pagdating nito.” Nagsasalita ako nang ganoon. Bigla na lang, pinahiran’yun ng Isang Bagay (ang mga tao pong ito ang saksi mismo), hindi pa ako kailanman nakadama ng ganoong pahid. Bakit? Dahil sa sinabi ni Hattie ang tamang bagay.

<sup>173</sup> Sabi ko, “Saan kaya nanggaling ang mga squirrel na’yun? Wala kahit ano roon, ni isang lugar para sa kanila, haya’t kagaya lang nung sa poste ng telepono roon. At nakita kong nangyari’yun nang walong tuluy-tuloy na beses.” At sabi ko, “Hindi ko alam kung saan’yun nanggaling.” Sabi ko, “Ang tanging bagay lang na alam ko, ay sinikap noon ng Diyos na kumpirmahin ang isang Mensahe kay Abraham minsan, at pinalitaw Niya sa pamamagitan ng pagbigkas ang isang lalaking tupa, dahil kinailangan Niya ng lalaking tupa, upang kumpirmahin Ito. Dahil siguro’yun sa kinailangan ko ng squirrel, para bigkasin ko naman ang sa akin. At ginawa Niya’yun nang walong tuluy-tuloy na beses, o pitong tuluy-tuloy na beses, pala, pitong tuluy-tuloy na beses.” At sabi ko . . .

174 At, si Hattie, marahil hindi nalalaman kung anong sinasabi niya. Tingnan n'yo kung papaano Nito nilampasan ang mayayaman at mga mapagmataas. Tingnan n'yo kung papaano Nito nilampasan ang lahat, at pumunta sa isang hamak na munting probinsyana.

175 At mayroon akong dalawampung dolyar sa pitaka ko, na para sana ibalik sa babaing 'yun, haya't, ipinangako niya kasi ang limampung dolyar para rito sa bagong bahay-sambahan na itatayo. At hindi ko sinasabi ito para ipahiya siya; hindi niya kaya ang limampung sentimo, sa totoo lang, para ibigay 'yun. Pero, ang puso niya sa Mensahe, ang nagnais mismo na makapagbigay. Si Kapatid na Neville, sa pagkakaalam ko, kanyang tinanggap 'yun, ayaw nang tanggapin ang dagdag pa nun, hinayaan na lamang ang ginang na magbigay ng dalawampung dolyar nun. At mayroon akong dalawang sampung dolyar na salaping papel sa pitaka ko, na ibinigay sa akin ni Meda para sana pambili ng kailangan sa bahay, at sabi ko, "Ibalalik ko ito sa kanya ngayong araw."

176 Pagkatapos naisip ko, May nangusap sa akin, sabi, "Nakita noon ni Jesus ang babaing balo na 'yun na inihuhulog ang kanyang tatlong sentimos, at hindi nga Niya kailanman ibinalik 'yun sa kanya." Hinayaan lamang Niya itong magpatuloy sa pagbigay dahil mayroon Siyang inilaan na mas dakila doon sa daan.

177 Wala akong kaalam-alam na nangungusap na pala Siya sa akin sa ganoon ding paraan, tungkol sa isang babaing balo, walang asawang lalaki. Napatay ang kanyang asawa. Ni hindi ko rin alam na 'yun ay Yaon din, noong sinabi ko, "Kung ganoon itatago ko na lamang ang dalawampung dolyar, mayroon Kang iba pang inilaan para sa kanya."

178 Sabi ko, "Ang tanging bagay na alam ko, na si Jehovah ay Jehovah-Jireh pa rin. Kaya Niya pa ring magkaloob ng isang hain."

179 At si Hattie, walang kamalay-malay sa sinasabi niya, tumindig siya't nagsabi, "Yan nga'y wala nang iba't ang katotohanan mismo, Kapatid na Branham." Oh, grabe! Yun ang tama mismong bagay para sabihin. Yun nga ang tama mismong bagay para sabihin.

180 Noong mga oras na 'yun, dumating ang Kapangyarihan ng Diyos sa lugar na 'yun; talagang hindi pa ako kailanman nakadama ng ganoong pahid. Noong dumating Ito, ang sabi ko, "Hattie, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, hingin mo ang ibig mo! Hindi ko alintana kung anuman, binigyan ako ng awtoridad ng Diyos para ipagkaloob sa'yo ang mithi ng puso mo ngayon din. Kung hihiling ka ng isang milyong dolyar, mapapasaiyo ito. Kung hihilingin mo para sa munting batang babaing lumpo na 'yun na siya'y makatayo at mapalakad,

mapapasa kanya ito. O humiling ka para sa ano pa mang ibang bagay.”

Sabi niya, “Anong hihilingin ko, Kapatid na Branham?”

<sup>181</sup> Sabi ko, “Anumang bagay na nais mo. GANITO ANG SABI NG PANGINOON.” Oh, grabeng maluwalhating pakiramdam!

<sup>182</sup> Tumingin siya sa paligid. Naroon na nakaupo ang ubaning-buhok niyang tatay na ibinalik mula sa mga patay, halos. Narooong nakaupo ang kanyang matandang nanay, na masakitin na rin. Narooong nakaupo ang kanyang munting, kapatid na babaing lumpo.

<sup>183</sup> Subalit pinili niya mismo kung ano ang tama. May dalawa siyang anak na binatilyong lalaki na sadyang nasa edad na ng pagiging mapusok. Ang kanyang minamahal na asawa ay dumako na sa Kaluwalhatian; si Hattie ay isang Cristianong, naghihintay. Subalit 'yung mga anak niyang binatilyo'y hindi Cristiano. Kaya sabi niya, “Ang mga kaluluwa ng dalawa kong anak.” Pagpalain ng Diyos ang kanyang puso.

<sup>184</sup> Sabi ko, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON, makakamit mo sila.”

<sup>185</sup> At heto na sila, nabautismuhan na sa Pananampalataya. Sinasabi nila sa akin noong nakaraang gabi, 'yung, mismong maliit na batang lalaki na 'yun naghuhugas na ng mga paa roon, ipinapatong ang kanyang mga kamay sa ulo ni Kapatid na Neville, at ipinapanalangin siya noong naghuhugas siya ng mga paa.

<sup>186</sup> Nakaupo marahil dito sa pagtitipon ang dalawang munting bata sa kung saang dako ngayong umaga. Sila nga ba, Hattie, narito ba sila kasama mo? [Sinasabi ni Kapatid na Hattie, “Naroon sila sa likod.”—Pat.] Sa likod, sa may likod. Nasaan kayo, mga iho? Itaas n'yo ang inyong mga kamay. Nasaan na ang dalawang binatilyo? Hayun sila, nakatayo roon sa likod. Pagpalain kayo ng Diyos. Buweno. Hayan nga.

<sup>187</sup> Ngayon, anong nangyari? Ang siya ring bagay na 'yun, kahit ano pa, maaari naman niya sanang. . .kahit ano pang hiniling niya, mapapasa kanya 'yun. Matatanggap niya rin 'yun kung tutuusin.

<sup>188</sup> Ngayon ibig kong makita na mangyari 'yun. Ito nga'y kung ano ang saloobin ng mga tao ukol sa Mensahe. Nakita n'yo kung papaano niya sinabi 'yun? Sinabi niya lamang ang tamang bagay. Kung anong sinasabi n'yo, 'yun ang gumagawa nun. Kung ano mismo ang sasabihin n'yo!

<sup>189</sup> Tingnan n'yo 'yung babaing Sirofenisa noong lumapit siya kay Jesus. Sabi niya, “Panginoon, ang anak kong babae'y lubhang pinahihirapan ng isang diyablo. Ikaw na Anak ni David, pumunta Ka po't pagalingin siya.”

190 Sabi Niya, “Hindi marapat sa Akin na kunin ang tinapay ng mga anak at ibigay sa inyo na mga aso.”

191 Whew! Ano kaya kung sinabi Niya 'yun sa ilan sa atin? Sasabihin natin, “Tinatawag Mo akong isang aso? Huh, wala naman talagang kung ano pala sa Kanya, kung tutuusin! Tama pala ang sinasabi ng malaking simbahan. Wala Siyang ano pa man kundi isang holy-roller lang. Wala Siyang ano pa man kundi isang Beelzebub mismo.” Maaaring ganoon ang magiging saloobin natin. Pero ang babae nga'y hindi ganoon.

192 Sabi niya, “Totoo po, Panginoon. Tama Ka po. Pero nakaabang ang mga aso na kainin ang mga tira-tira sa ilalim ng hapag ng mga anak.”

193 Nasapol Siya nun. Sabi Niya, “Dahil sa salitang 'yan, nilisan na ng diyablo ang iyong anak. Dahil sa salitang ito!”

194 Nakasalalay nga 'yun sa saloobin n'yo, mga kaibigan. Hindi ba't sinabi Niya 'yun? Kinakailangan n'yong sampalatayanan ito, mga kaibigan. Haya't, huwag kayong manangan sa akin, isa lang akong tao; subalit paniwalaan n'yo kung anong sinasabi ko sa inyo, paniwalaan n'yo ang Mensahe. Kung hindi n'yo mapaniwalaan ang mensahero, paniwalaan n'yo ang Mensahe. Kung pumasok ang isang tao roon sa silid, na may dalang telegrama, kahit sino pa siya, anuman ang itsura nung tao o kung sino man siya, malaki o maliit, paniwalaan n'yo kung ano mismo ang naroon sa telegrama, hindi 'yung tao. Isinugo ako ng Diyos para magsabi sa inyo. May dala akong isang Mensahe. Isinugo ako ng Diyos para sabihin sa inyong bumangon Siya mula sa mga patay, na narito Siya ngayong umaga. Pinatunayan Niya ito sa pamamagitan ng mga tanda't mga kababalaghan, na narito Siya, at maaaring gumaling ang bawat isa sa inyo sa inyong mga karamdaman kung dudulog lamang kayo na tama ang saloobin sa paglapit n'yo. Maaari n'yo bang gawin 'yun, habang inaawit natin ang *Only Believe*.

195 Ngayon sige't ang mga ipapanalangin, sila po'y magsiparito na't pumila sa banda rito. Ngayon, huwag kayong pumarito hangga't nananampalataya muna kayo nang buong puso n'yo.

196 Minamahal na Panginoon, ito na ang oras. Idinadalangin kong Iyo pong pagagalangin ang mga taong ito, Panginoon. At banalin Mo ang langis na ito. Magtamo Ka po ng kaluwalhatian para sa Iyong Sarili, Ama. Isinasamo namin ang mga ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

197 Iniisip ko kung maaari kaya nating hilingin na 'yung mga taong nakatayo sa panig na *ito* rito, kung may paraan siguro na makapaglaan sila ng kahit kaunti lang na espasyo rito, para mapalakad natin diyan ang mga tao, kung magagawa n'yo. Makadaan mismo rito, papunta sa gawing *iyon*. Tapos maaari silang dumaan sa gawing ito, diretso sa pila, para makagawa ng isang pila patungo sa gawing 'yun.

198 Tiyak na may mangyayari, Kapatid na Neville. [Sinasabi ni Kapatid na Neville, “Amen. Nangyayari na ito ngayon. Purihin ang Panginoon! Narito si Jesus. Oo. Ang bawat isa sa kanila ay pinagaling na ng Kapangyarihan ng Diyos.”—Pat.] Amen.

199 (Ano raw? Diyan mismo . . . Buweno, hindi, paganoon lamang sa kabila. Ako at si Kapatid na Neville, oo, ipapanalangin namin sila hanggang dun sa dulo. Kaya, hindi n’yo sila maaaring paikutin nang paganoon ang direksyon, dahil baka, kung gagawin n’yo, inyong . . . Sandali lang po’t . . . ? . . .)

200 Ngayon hayaan n’yong sabihin ko sa mga nakasubaybay na mga tagapakinig: *Ito* ang Salita ng Diyos, na Siyang aking . . . Na ipinamuhay ko, at ikamamatay, sa biyaya at tulong ng Diyos. Ang Diyos bilang aking matapat na Hukom, sinabi ko sa inyo ang Katotohanan. Nakita ko na, pati ang lahat ng mga bagay na ito na dumarating. Maging mula roon sa munting isdang binuhay sa dako roon, narinig n’yo na ba ang kuwentong ’yun? Nakaupo ’yung mga kalalakihan mismo rian, silang dalawa, na naroon noong nangyari ito; na sinabi ko na isang araw bago pa mangyari ’yun. Ngayon, paano ko nasasabi sa inyo ang mga bagay na ito na nangyayari? Kita n’yo, gusto ko ngang ipangaral ang tungkol sa, isa sa mga gabing ito, ang tungkol sa *Kontrabalanse*. Maaaring magsaysay sa inyo ang kung sino tungkol sa kung anong bagay, at dagdag pang magsasabi ng mga gaya nun, pero kung walang Kasulatan upang kontrabalanseng titimbangin ito, haya’t sa huli’y guguhô ito. Kung ang pagkilalang ito, at ang mga pangitain at mga bagay-bagay na ito na sinabi ko sa inyo, kung hindi ’yun ang Katotohanan; una mismo, may Bibliang sumusuporta rito, at naroon ang Espiritu Santo upang patunayan na ang sinabi ko sa inyo’y Katotohanan.

201 Ngayon, nasa gawain na ako ng mga nasa labing-apat na taon na, na dumaan na sa bawat kritiko na maaaring makaharap ko. Na mga dukado, matatalino, lahat na ng iba pa, ni minsan ay di nila nagawang . . .

202 Pagkatapos alam n’yo ang sabi nila? Narinig n’yo na ito rito. Sinasabi-sabi nila, “Ang mga taong ’yun ay nasa mga tagapakinig na umiikot, kinapanayam ang mga tao.” Haya’t nung una ang sinasabi-sabi nila na ’yung mga taong ’yun ay mga tagaroon sa iglesya ko, na mga dumadako roon para raw isagawa ’yun. Pagkatapos hindi naman nila ’yun kayang patotohanan, napakarami kasi nila.

203 Ang sumunod na sinabi nila, haya’t, “May kapatiran daw” na kasa-kasama ko, “pumupwesto sila roon sa likod ko’t bumubulong, ‘Ang lalaking *ito* ay may diperensya sa pandinig, sa kanyang mga tainga.”

204 Tapos ang sabi pa nila, “Si Billy Paul, pumupunta si Billy Paul at—at umaakyat doon at binabasa ’yun galing sa card, kung anong sinabi ng mga tao. Kung may bagay ba halimbawa

na problema sa kanilang tainga, sasabihin niya, ‘ang kanilang tainga’ o ‘ang kanilang tiyan.’”

205 Paano naman 'yung mga tao na naroroon na wala namang prayer card? Papaano nito paunang nasasabi ang mga bagay na nangyayari nang walang kamali-mali? Papaano ito nagkakanganoon? Hindi nga maaari. Alam ninuman, na mayroong matinong pag-iisip.

206 Ganoon din ang sabi nila noon tungkol kay Jesus, noong nagpunta si Felipe at isinama si Natanael. “Kaibigan kasi siya ni Jesus.” Sabi niya, “Sigurado, sinabi niya kay Jesus ang lahat ng tungkol kay Natanael. Gusto Niya kasing akayin siya.”

207 At pagkatapos sabi nila na mga alagad, o sila na mga alagad nung malaking iglesya haya't ang sabi, “Ang Taong ito'y Beelzebub. Siya si Beelzebub. Isa Siyang manghuhula.”

208 Sabi ni Jesus, “Patatawarin ko kayo sa bagay na 'yan. Pero darating ang araw na kapag dumating na ang Espiritu Santo para gawin ang ganoon din, anupa't isang salita lang laban Doon ay hindi na kailanman patatawarin.” Ngayon kung . . .

209 Ako'y noon pa man ay matapat na sa inyo, sadyang kasintapat nang nalalaman kong pagtatapat. Oh, maaaring nasalungat ko ang ilang mga paniniwala na mayroon kayo sa munting teolohiya't mga bagay-bagay. Pero, ang dahilan kung bakit ginagawa ko 'yun, ang sabi kasi ni Pablo, “Kung isang anghel ang dumating mula sa Langit at mangaral ng anumang iba pang bagay maliban sa kung anong sinasabi ng Biblia,” at kung ganoon ang itinuro niya, “ay sumpain siya.”

210 Kaya, kinakailangan kong sundin nang sadyang kung ano mismo ang sinasabi ng Biblia. Kung sinabi ng Biblia, “Siya'y siya ring kahapon at magpakailanman,” pinaniniwalaan ko mismo 'yun. Kung ano lamang ang sinabi ng Biblia, eksaktong 'yun ang pinaniniwalaan ko. Sinasabi ko lamang ito nang ganoon. Wala akong anumang edukasyon, walang anumang pagsasanay. Pinakikinggan ko lamang ang Espiritu Santo at ang Biblia. At hanggang ngayon, hanggang sa umagang ito ng Pasko ng Pagkabuhay, sa loob ng tatlumpu't isang taon, hindi pa Niya ako kailanman binigo.

211 At sinasabi ko sa inyo na sinabi sa akin ng Espiritu Santo ang tungkol doon sa ministryong paparating, nitong huling dalawa o tatlong taon, binabanggit ko na sa mga iglesya sa lahat ng dako. At ang Diyos na Pinakamakapangyarihan sa lahat ang siya kong Hukom, dito mismo sa panig na ito ng Salem, ang mga squirrel na 'yun ay naglitawan kung saan wala namang mga squirrel. Doon mismo na kasama si Charlie, na nariyan ngayon, at marami sa kanila sa dako roon ng Kentucky; nagkaroon nga ng mga squirrel sa lugar mismo kung saan wala namang ganoon, na dati nang sinabi kung saan ito susulpot. Doon kung saan naroon sina Tony noon at sila, ni Banks, na nakaupo rian ngayon. At hayun nga

'yun noon, eksakto. Bumalik, at ang unang taong sinabihan, ay ang babaing 'yun na nakaupo riyon mismo, at hayun nga ito. Noong isang umaga sa dako roon, noong ako'y may kalagayan sa lalamunan, nakita ko si Jesus na nakatayo sa harapan ko, at sinabi Niya sa akin na kinumpirma na ang ministryo sa akin.

<sup>212</sup> Ngayon kung anong magaganap, 'yan ang hindi ko alam. Pero, isang bagay mismo, kinakailangan kong isantabi ang isa, upang humakbang dito. Ang tanging paraan na alam kong gawin. Maalaman mismo ngayon, ibunsod na maiukit mismo, gaya ng sinabi ni Job ngayong umaga, sa pamamagitan ng isang bakal na panulat, sa isang bato. Hindi ko alam ang gagawin. Ang tanging bagay na nalalaman ko, ay ang humakbang nang pasulong. Sinabi Niya 'yun sa akin. At ang Diyos ang aking Hukom, sinabi Niya sa akin. Sinabi ko na sa inyo ang Katotohanan. At kung kinumpirma na ng Diyos at sinabi sa inyo, at walang sinuman kahit kailan na makapagtuturo ng kanilang kamay sa anumang pagkakamali, kung ganoon ito nga'y tama, siyanga. Tama ito, siyanga.

<sup>213</sup> Ngayon pagpunta ko rito at tatayo sa dulo ng pila. Hihilingin ko sa matanda sa iglesia, kay Kapatid na Neville diyan, na isang taong banal, na pastor natin dito, na pahiran ang mga tao. Papatungan ko ng mga kamay ang mga tao, dahil 'yun ang iniutos ni Jesus, pagkatapos ng Pasko ng Pagkabuhay, na, "Humayo kayo at patungan n'yo ng mga kamay ang mga maysakit, at sila'y gagaling."

<sup>214</sup> Hindi ko alam kung anong sasabihin Niya sa akin habang nasa pila. Sisikapin kong pakiramdaman ang sukdulang pahid. Hindi ko alam kung anong mangyayari. Hindi ko alam. Kung ano man ito, gagawin ko kung ano lamang ang sasabihin Niya sa akin.

<sup>215</sup> Ngayon dumulog kayo, lumapit kayo na may pusong puspos. Kahit na sawayin man Niya kayo, kahit wala man Siyang anumang sabihin sa inyo, kahit ano pa, humayo kayo na nagpapasalamat sa Kanya, kita n'yo. Dahil, nagawa na, ito'y paraan na lamang para maiparating sa inyo.

<sup>216</sup> Ngayon, kapatid na lalaki, na ganyan ang kalagayan ng binti, gusto kong sampalatayanan mo ito. Kung magagawa Niyang, sa pamamagitan ng telepono, ay alisin ang sakit sa tiyan na 'yan mula sa iyo, tunay ngang kaya Niyang alisin ang kondisyong 'yan sa binti mula sa iyo ngayong umaga, kita mo. Ngayon manampalataya ka nang buong puso mo.

<sup>217</sup> At 'yung ginang na may munting batang 'yun na nagkaroon nung sakit sa puso, huwag ka nang mag-alinlangan pa. Manampalataya ka! Manampalataya ka!

<sup>218</sup> Ngayon ibig kong ang lahat ng nasa bahay-sambahan ay dumulog sa panalangin. At bababa ako para manalangin. Lahat po kayo'y manatili lamang sa pananalangin ngayon, habang



tutugaygayin ko ang pila para sa pananalangin, na humihiling, inilalagay lamang ang mga kamay ko roon at nananalangin ng pagpapala.

<sup>219</sup> At, alalahanin n'yo, kung ang sinuman sa inyo ay may kung ano mang hindi pa naipapahayag na kasalanan, maalaman ninyo na hindi kayo kailanman pagagalingin ng Diyos na taglay n'yo ang hindi pa naipahayag na kasalananang 'yan. Ituwid mo ito, bago ka dumaan dito, dahil baka lalong magpalala pa ito sa inyo. Kita n'yo?

<sup>220</sup> Ngayon hindi ito sa pagkilala. Sa pamamagitan ng pagkilala, nalalaman ko ang ganoong mga bagay. Pero, at hindi ito pagkilala, hinihintay ko ang bagong pagmiministryo. Lahat po ba kayo'y nauunawaan na itong maigi? Buweno. Ngayon manampalataya kayo.

Ngayon ay manalangin tayo habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo.

<sup>221</sup> Diyos Ama, ang bakas ng aking mga daliri'y nasa pulpitong ito pa rin, mula sa oras bawat oras, sa loob ng halos tatlumpung taon na ngayon o higit pa, na nakatayo ako rito na nangangaral, at sa buong mundo. At pinatotohanan Mo ang Ebanghelyong ipinangaral ko, sapagkat nagmula po sa Iyo ang Mensahe. Hindi ako pumasok sa anumang mga paaralan, hindi sumangguni sa kahit kanino maliban sa Iyo, aking binabasa ang Iyong Salita at naghihintay para makita kung ano ang ipagagawa ng Espiritu.

<sup>222</sup> At ngayon, Panginoon, nalalaman Mo po ang pagmiministryong ito ng Marcos 11:23, at nalalaman na malapit na ang oras, nalalaman na sinabi ko nang may katapatan ang tungkol sa mga squirrel na 'yun, at ang tungkol kay Kapatid na babaing Hattie at ang kanyang mga anak na lalaki. Ngayon, Ama, at nalalaman na dumating sa akin ang pangitaing 'yun sa may higaan, noong isang umaga. Nakita ko ang Bibliang 'yun, at pagkatapos ang krus, at pagkatapos ay Ikaw. At ipinahayag sa aking isipan na kailangan kong tanggapin ito, sapagkat ito'y kinumpirma na.

<sup>223</sup> Ngayon, Panginoon, sumusulong ako ngayong umaga sa aking iglesya, upang tumayo rito sa umagang ito ng Pasko ng Pagkabuhay, dumadalanging Iyong itataas ako sa isang bagong kaloob, na mas makapangyarihan, alang-alang sa mga tao, haya't mas makapangyarihan. Hindi para maligtas ako; sapagkat iniligtas Mo na ako, Panginoon. Hindi para sa aking sarili; tinanggihan ko na ang lahat ng mga bantog na bagay, upang makilala Ka. Gaya ng sinabi Mo sa akin doon sa kahanga-hangang templong 'yun, noong isang araw, "Ako ang bahagi mo." Ngayon, Panginoon, ibunsod Mo ako na maging bahagi Mo, upang makasumpong ako ng kaluguran sa Iyo, na papasok ang Iyong Espiritu sa akin. At kapag ipinatong ko ang aking mga kamay dito sa mga minamahal, na nagdurusang mga tao, ang

Iyong Espiritu nawa, Panginoon, ang gumawa sa iba pang dapat gawin. Iyon lamang ang alam kong gawin, Panginoon.

<sup>224</sup> Naaalala ko ang atas sa akin, ako ay “ipinanganak upang manalangin para sa mga taong may sakit, ibunsod ang mga tao na sumampalataya, at maging sinsero kapag ikaw ay mananalangin.” Panginoon, ako lamang . . . hindi ko alam kung papaano pa mas magiging sinsero. Ako—Ako . . . Nagdurusa sila, Panginoon. At ako’y—ako’y nagdurusa, rin. Mangyaring, Mahal na Diyos, ipagkaloob Mo po na sila’y gumaling, ang bawat isa.

<sup>225</sup> Sumusulong ako ngayon, Panginoon, sa pamamagitan ng pananampalataya, kung papaanong humakbang si Moises noon patungo sa Dagat na Pula. Humahakbang ako mula sa sagradong pulpitong ito, pababa rito sa pila para sa pananalangin, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Ang Diyos nawa na Siyang nagkaloob sa akin ng mga squirrel na ’yun, ang Diyos na Siyang nagkaloob kay Kapatid na babaing Hattie ng mga salitang ’yun, ang Diyos na Siyang nagpasalita sa akin ng mga ’yun, nawa’y samahan Niya ako. Ako po’y humahayo sa Pangalan ni Jesus Cristo. [Iniwan ni Kapatid na Branham ang mikropono para manalangin para sa mga maysakit, ang ilan sa mga sinabi niya ay mahirap pakinggan—Pat.]

<sup>226</sup> Satanas, sinasaway ko ang . . . kita, sa Pangalan ni Jesus Cristo, na lisanin mo ang sanggol. Lisanin mo ito, lumabas ka sa batang ito; lumayas ka, at ang sanggol ay maging magaling na.

<sup>227</sup> Ipinapatong ko ang aking mga kamay sa kapatid, sa Pangalan ni Jesus Cristo, at sinasaway ko ang paghihirap ng kanyang katawan. Amen.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, maipagkaloob nawa sa kanya ang kanyang hiling.

<sup>228</sup> Panginoon, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ipagkaloob Mo po kay Kapatid na Ruth ang kanyang kagalingan. Amen.

<sup>229</sup> Ipapanalangin ko ang sanggol. Haya’t sa aking—sa aking pagbaba mula sa pulpitong ’yun . . . Saan po kayo nakatira? [Sabi ng kapatid na babae, “Bloomington.”—Pat.] Bloomington, Indiana? Sulatan mo ako ng liham tungkol sa sanggol na ito. Magang-maga ang tiyan niya rito ngayon. Sasampalataya ka ba, ginang, na ito’y tama? [“Nananampalataya akong ito’y tama.”]

<sup>230</sup> Kung ganoon, Ama, ipinapatong ko ang mga kamay ko sa . . . sanggol na ito, at sinasaway ang diyablong ito. Umalis ka sa sanggol. At nawa ang . . . ? . . . Nawa maging normal na ito ngayon at ang sanggol ay maging magaling na.

Sulatan mo ako ng isang liham, pagkatapos ng ilang araw.

<sup>231</sup> Nakikita n’yo ba ’yung munting sanggol na duling ang mata’t nakahiga roon? Kung hindi ka na mag-aalinlangan pa, dadalhin mo pabalik ang sanggol na *iyon* at ipapakita itong normal at magaling na.

232 Pinapatungan ko ng kamay ang kapatid na babaing ito. At taglayin nawa niya ang saloobi't gawa nung babaing Sirofenisa. At gumaling nawa siya sa Pangalan ni Jesus Cristo. . . ? . . .

Ibunsod na ang puso'y gumaling, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

233 Sinasalita ko ang mga salitang ito. Tiyak na magiging magaling na ito. Hindi ito maaaring maging anumang iba pa. Sabi ni Jesus, "Magagawa Ko, kung sasampalataya ka." Ngayon, kung kaya Niyang palitawin ang isang squirrel nang *paganoon*, gaya sa pagpapalitaw Niya noon sa lalaking tupa minsan, kaya rin Niyang palitawin ang puso na maging normal at magaling na. Tiyak na ganoon nga ito.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, maging magaling na ang puso na 'yun. Ipagkaloob Mo po ito.

234 Ngayon, hindi ba't ganoon lang 'yung kasimple? Ito nga'y simple lang. Ang Diyos ay ganoon na lamang kasimple, na nagiging lampasan-lampasan tuloy sa atin. Ngayon lumagak ka lamang sa kasimplehan na hindi mo na alalahanin ang tungkol dun. Magiging maayos na ito.

235 Panginoon, itulot Mong gumaling ang aming kapatid na babae, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen. Kapatid na babaing. . . ? . . .

236 Panginoon, sinasabi ko ngayon ang mga salitang ito, nang may pagtatapat sa abot ng makakaya kong ipahayag sa harapan ng mga tao. Sinabi ko sa kanila, "Kung sasabihin mo sa bundok na ito, 'Malipat ka,' at huwag mag-alinlangan, mapapasaiyo ang sinabi mo." Sa Pangalan ni Jesus Cristo, maalis nawa ang pagdurusang ito, at ang lahat ng mga problema na mayroon ka. Huwag kang mag-alinlangan ngayon. Lumapit ka mismo sa Kanya ngayon.

237 Panginoon, ipinapatong ko ang aking mga kamay sa isang munting ito na mayroong matinding sakit ng ulo. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, gumaling na nawa. Amen.

238 Panginoon, sa Pangalan ni Jesus Cristo, mailayo nawa sa kanya ang bundok na 'yun, gumaling nawa. Ang aming kapatid nawa ngayo'y gumaling na. . . ? . . . Amen.

239 Bingi at pipi; binging umid. Panginoon, sa Pangalan ni Jesus Cristo! Tumayo ako at nangaral araw-araw, at taontaon, hindi ko pa kailanman nakitang kumaugnay sa Iyo ang pananampalataya, sa buong buhay ko, na anupa't may bagay na nangyayari talaga! Ngayon, siya'y bingi sa kanyang tainga, at may pagkapatid sa kanyang tiyan. Itulot Mo pong gumaling siya, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Ngayon, huwag kang mag-alinlangan.

240 Panginoon, batid Mo po ang mga pagdurusang ng kanyang katawan. Habang nakapatong ang mga kamay ko sa kanya, na

taglay ang isang tapat na puso, itulot Mong siya'y gumaling, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

<sup>241</sup> Ang kamatayan ay naroon sa isang pintuan, ang pananampalataya nama'y sa kasunod na pinto. Diyos, igulong Mo po ang bato at itulot na pananampalataya ang humalili. Lisanin nawa siya ng kanser, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

<sup>242</sup> Panginoon, gumaling nawa siya. Pinapatungan ko siya ng mga kamay. Haya't umaalingawngaw pa rin ang Mensahe sa mga pader. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, gumaling nawa siya.

<sup>243</sup> Diyos Ama, pinapatungan ko ng mga kamay ang aking kapatid. Itulot Mo po, Panginoon, ang Iyong Espiritu at kapangyarihan, upang ipagkaloob sa kanya ang kahilingan niya. Mangyari nawa ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Tapos na ito. Huwag mong pag-aalinlanganan ito ngayon.

<sup>244</sup> Panginoon, ang hangarin ng aming kapatid ay lumapit sa Iyong Presensya, sa ganitong kondisyon na nasa kanya. Ngayon po, sa Pangalan ni Jesus Cristo, itulot Mo na mapasa kanya ang bagay na hinihiling niya. Amen.

<sup>245</sup> Napakadakilang bagay! Iyo pong itulot na dumako sa batang ito ang Espiritu Santo, para sa ikaluluwalhati ng Diyos upang kanilang madala siya roon sa kanyang...?. . . Alang-alang sa Kaharian ng Diyos, nawa'y matanggap niya ito. Amen.

<sup>246</sup> Ama, sa Pangalan ni Jesus Cristo, magkagayon nawa ito, na gumaling ang aming kapatid na babae, at maipagkaloob ang kanyang hiling, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>247</sup> Mangyari nawa ito. Iyo pong tanggapin ang Banal na Espiritu. Walang anumang paraan para mahadlangan ka mula sa...?. . . Kinakailangan! Kinakailangan mong tanggapin Ito, dahil sinabi na ito ng Diyos. Manatili kang tapat Dito.

Sikapin mo lamang na lumabas diyan sa munting pang-ibabaw na harang na 'yan. Sabihin mo lamang...?. . .

<sup>248</sup> Makalangit na Ama, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ipagkaloob Mo po ang hiling ng aming kapatid na babae. Amen.

<sup>249</sup> Ama, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ipagkaloob Mo po ang hiling ng aming kapatid na babae. Gumaling nawa siya. Amen.

<sup>250</sup> Kaya Niyang magpalitaw ng squirrel, pitong tuluy-tuloy na beses. Ipinagkaloob Niya sa babaing 'yun ang anumang hiniling niya; ipagkaloob Niya rin ito sa iyo...?. . .

<sup>251</sup> Panginoon, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ipagkaloob Mo po ang hiling ng aming kapatid na babae. Ito'y Salita Mo. Salamat Po. At maipagkaloob nawa ito sa kanya, Ama, sa pamamagitan ni Jesus Cristo. Amen.

<sup>252</sup> Ang mga mahal mo sa buhay? Ama, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ipagkaloob Mo ang mga ito...?. . .

253 Panginoon, ang munting babaing Judio na ito. . . Ikaw ang Diyos ni Abraham. Ipagkaloob Mo po ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ang kanyang kahilingan. Mangyari nawa!

254 Sa Pangalan ni Jesus Cristo, Diyos ng Langit, Iyo pong ipagkaloob ang kanyang kahilingan. Amen.

255 Ang munting batang babaing ito. Habang umaakyat ka sa entablado roon, sinasabi na sa akin ng Diyos ang tungkol sa buhay mo. Aalisin Niya ang pagkanerbiyos na 'yan mula sa iyo.

256 Panginoon, sinasaway ko ang pagkanerbiyos sa batang babaing ito. Lisanin nawa siya nito sa oras na ito at lumabas siya rito na napakasaya na. Mangyayari nga, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

257 Diyos ng Langit, na Siyang nagbangon sa Iyong Anak, na si Jesus, sa pagkabuhay na mag-uli na aming ginugunita, nawa'y gunitain niya ito nang higit sa araw na ito. . . ?. . . Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

258 Sa Pangalan ni Jesus Cristo, na Anak ng Diyos, pinapatungan ko ng mga kamay ang aking kapatid na babae, hinihiling na siya'y gumaling ngayon din sa Pangalan ni Jesus.

259 Sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, na Anak ng Diyos, gumaling nawa ang aming kapatid na babae. Amen. Hindi siya nito mapapanatili. Kinakailangan nitong umalis. Umalis, sadyang kinakailangan nitong umalis.

260 Panginoon, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ang aming kapatid na babae'y gumaling nawa. Amen. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, pinagagaling ko ito, ang aking kapatid na babae. Amen.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, pinagagaling ko ang kapatid kong babae. Amen.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, pinagagaling ko ang kapatid kong babae.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, pinagagaling ko ito, ang aking kapatid na babae.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, ipinagkakaloob ko sa kanya ang kanyang kahilingan. Amen.

261 Panginoon, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ipinagkakaloob ko sa munting nanay na ito ang kanyang kahilingan.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, ipinagkakaloob ko sa kanya ang kanyang kahilingan, Panginoon.

Panginoon, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ipinagkakaloob ko sa kanya ang kanyang kahilingan.

262 Satanas, pinalalayas kita. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, lisanin mo ang babae.

263 Iginapos ka nang matagal na panahon. Malaya ka na ngayon. Gagaling ka na. Magiging maayos na ang kalagayan mo ngayon, kung ganoon. Sampalatayanan mo ito ngayon.

264 Diyos, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ipinagkakaloob ko sa kapatid na babaing ito, na pilay, ang kanyang kagalingan. Amen.

265 Sa Pangalan ni Jesus Cristo, ipinagkakaloob ko sa kapatid na babaing ito ang kanyang kagalingan. Amen.

266 Sa Pangalan ni Jesus Cristo, kapatid, ipinagkakaloob ko sa iyo ang iyong kagalingan. Amen. Siya nawa!

267 Nagtitiwala ako sa Diyos na hindi ako nagkakamali. Ipagkaloob Mo po ito, sa pamamagitan ng pananampalataya. Siya nawa!

268 Nananampalataya ka bang ipinagkakaloob sa iyo ng Diyos ang kalakasan upang pagalingin rin ang sakit sa puso? Naniniwala ka ba sa kuwentong kasasabi ko lamang? Nang buong puso mo? Kung ganoon ay ibinibigay ko sa iyo ang iyong kagalingan. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, ipinagkakaloob ko sa iyo ang iyong kagalingan.

269 Ano ang pangalan ng babaing ito na kapupunta lamang dito? Nakatira ka ba sa paligid lang dito sa kung saan? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] Tandaan mong magaling ka na! Iyon nga'y kasing totoo mismo gaya ng pagkakatayo ko rito.

270 Ama, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ipagkaloob Mo po ito, dalangin ko, ang kanyang kagalingan. Amen.

271 Ama, sa Pangalan ni Jesus Cristo, matamo nawa niya ang kanyang kagalingan. Amen!

272 Aking—aking—aking ipinapahayag ka...aking—aking—aking... Sa biyaya ng Diyos, sa pamamagitan ng isang kaloob na Makalangit, ipinagkakaloob ko sa iyo ang iyong kagalingan! Pinapalayas ang diyablong 'yan, din naman.

273 Nananampalataya ka ba Kapatid na Rose? Oh Panginoon, Manlilikha ng kalangitan at ng lupa, ipagkaloob Mo po kay Kapatid na Rose Austin ang kanyang kagalingan, Panginoon, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen. Hayan na, Kapatid na Rose, humayo kang nananampalataya na ngayon.

274 Panginoon, ipagkaloob Mo po sa aming kapatid na babae ang kanyang kagalingan, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen...?...

275 Nananampalataya ka ba roon? Sampalatayanan mo mismo hanggang sa kaliit-liitan nito. Kung ganoon ibinibigay ko sa iyo, sa Pangalan ni Jesus, ang iyong hiling. Pagagalingin siya ng Diyos.

276 Mangyari nawa ito, Panginoon, na ang kapatid niyang lalaki'y gumaling, sa pisikal at sa espirituwal, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen!

Ito na nawa ang oras kung kailan . . . ? . . .

277 Panginoon, pinapatungan ko siya ng mga kamay, kung kailan siya'y ganap na wala nang pag-asa, sa mga doktor o anumang lunas mula sa medikal na siyensiya. Subalit hindi sa pagkakilala sa Cristong nabuhay na mag-uli. Sa Pangalan ni Jesus, siya nawa'y gumaling na. Amen.

. . . ? . . .

278 Panginoon, ipagkaloob Mo po sa aming kapatid na babae, habang pinakikinggang mabuti ang kanyang hiling, na binabantayan ang bawat salitang sinabi niya. Ito'y alang-alang sa Kaharian. Idinadalangin ko pong ipagkakaloob Mo ito sa kanya, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

[Nakikipag-usap ang isang kapatid na babae kay Kapatid na Branham—Pat.] . . . ? . . .

279 Panginoon, bilang Iyong lingkod, sa pakikinig sa nanay na 'yun na umiiyak para sa kanyang anak, sinasaway ko ang diyablong may gawa nito.

280 At sa pagpapahayag ng babae nang may pananampalataya, pinalalayas ko ang diyablong ito. Hindi mo magagawang lumpuhin ang batang ito. Maging magaling ka na sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Gumaling na siya, kapatid na babae. Huwag mo na itong pag-aalinlangan pa, maski katiting man. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. Anak mo ba 'yan? Matanggap nawa niya ang Espiritu Santo!

281 Maaari mo bang dalhin ang bata sa isang dako at pakinggan mo siya ng ilang minuto lang. Naniniwala akong may nangyari sa bata. Matatanggap mo ito. Sinasampalatayanan mo ba 'yun?

282 Sa Pangalan ni Jesus Cristo matanggap nawa ng aming kapatid ang kanyang kagalingan.

283 Panginoon, sawayin nawa ng Kapangyarihan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat ang pagdurusa ng kanyang katawan, at puspusin siya ng Espiritu Santo. Ito na ang oras at ang pagkakataon. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, ipinagkakaloob ko Ito sa kanya. Amen.

284 Wala na ang sugar. Natanggap mo na ang Espiritu Santo. Gaano katagal ka nang pinahihirapan . . . ? . . . Buong buhay mo. Nananampalataya ka bang kaya kang pagalingin ni Cristo at ligtas ka sa pagdurusang ito; gawin kang normal?

285 Anak mo? Ang iyong—iyong paa. Mag-isa mong pumunta? Kung mayroon akong, kung—kung mayroon akong lakas sa aking sarili, kita mo! Subalit naniniwala akong tutulungan ako ng Diyos na magkaroon ng pananampalataya para rito. Gagawin ko ang lahat ng makakaya ko. Naniniwala ka ba sa akin? Pinaniniwalaan mo ba ang kuwentong 'yun tungkol dun

sa mga squirrel? Pinaniniwalaan mo? Nananampalataya ka bang posible, na sa umagang ito, ay kayang pagalingin ng Diyos ang katawan mo, at lalakad kang muli, lalakad ka na gaya ng nararapat sana noong una? May kung anong nangyari lamang doon sa kapanganakan mo, may kung anong medyo nakaantala sa kung anong bagay at sadyang hindi ka lumaki nang maayos. Gaya ng isang biyas na lumalaki sa ibabaw nung isa pang biyas, naantala tuloy nito ito. Buweno, kung maaalis ang biyas na 'yan mula sa biyas na 'yun, didiretso ito't mailalagay sa kaayusan. Kita n'yo? Tama ba? Ito'y isang sumpa. Ito'y isang sumpa. Kung maaalis ang sumpa, kung ganoon gagaling ka. Kita mo?

<sup>286</sup> Panginoon, iniisip ko, paano kung anak ko ito, paano kung kapatid ko ito? Sa pamamagitan ng pananampalataya, inaalis ko ang sumpang ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

<sup>287</sup> Panginoon, ipinapatong ko ang mga kamay ko sa kanya at humihiling para sa kanyang kagalingan, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

<sup>288</sup> Diyos Ama, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ipinapatong ko ang aking mga kamay sa babaing ito na nagdurusa, para sa kanyang kagalingan. Amen.

Kapatid na babaing Nash, iniligtas ka na ng Diyos mula sa isang kanser, ilang taon na ang nakalipas.

<sup>289</sup> Panginoon, ipagkaloob Mo po kay Kapatid na babaing Nash ang kanyang hiling. Bilang Iyong lingkod, hinihiling ko po ito. Ito'y mangyayari. Iyon ang tugon, Kapatid na babaing Nash.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, ipagkaloob Mo po sa aming kapatid na babae ang kanyang hiling. Amen.

<sup>290</sup> [Isang kapatid na lalaki at kapatid na babae ang nakikipag-usap kay Kapatid na Branham—Pat.] Salamat, kapatid, at bumalik ka na sa iyong mga kababayan na naroon. Ipagkaloob nawa ito ng Diyos. Isang napakagandang panahon 'yun, nagsama-sama ang mga kababayan mo noong naroon ako. Naroon ka ba sa Bombay noong naroon kami? Buweno, kung ganoon pinaniniwalaan mo ang mga bagay na ito na aking. . . nabalitaan mo na?

<sup>291</sup> Panginoon, sa pagbabalik niya sa kanyang mga kababayan sa ibayong-dagat, humayo nawa siyang taglay ang Kapangyarihan ng Diyos, gumaling sa bawat kahilingan na kanyang hinihiling. Humayo nawa siya at matanggap ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

<sup>292</sup> Sa Pangalan ni Jesus Cristo, na Anak ng Diyos, matanggap nawa ng aming kapatid na babae ang kanyang hinihiling.

<sup>293</sup> Panginoon, ipagkaloob Mo po ang kahilingan ng aming kapatid na babae. Ang kanyang problema nawa'y matapos na ngayon din, sa pamamagitan ng pagkabuhay na mag-uli kay



Jesus Cristo. Amen. Kapatid na babae, tiyak na mangyayari ito, haya't tiyak na mangyayari ito!

<sup>294</sup> [Nakikipag-usap ang isang kapatid na babae kay Kapatid na Branham—Pat.] Ibig mo ba itong maulit sa Ebanghelyo? [“Opo.”]

<sup>295</sup> Panginoong Diyos, habang nakatayo rito ang kabataan pang babaing ito, hindi para sa anumang makasaring motibo. Nananalangin siya para sa kapatid niyang lalaki, may impeksyon sa kanyang dugo. Ibinibigay ko sa kanya ang kanyang kahilingan. Sa pamamagitan ng isang atas na ibinigay sa akin ng isang Anghel; at sa pamamagitan ng isang pangitain tungkol kay Jesus Cristo, ilang mga linggo na ang nakalipas, sa aking silid; ipinagkakaloob ko sa kabataang babaing ito ang kanyang hinihiling. Amen.

<sup>296</sup> Tiyak na mangyayari ito. Nakatira ka ba malapit dito? [Sinasabi ng kapatid na babae, “Memphis, Tennessee.”—Pat.] Memphis, Tennessee. Sulatan mo ako ng liham. Iyong—iyong—iyong matatanggap ang iyong kahilingan.

<sup>297</sup> Kapatid na Grimsley. [Nakikipag-usap ang kapatid na lalaki kay Kapatid na Branham—Pat.] Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na Grimsley.

<sup>298</sup> Panginoon, naaalala namin kung gaano na kalayo ang narating ng kapatid na ito, at ang hukay kung saan siya hinango. Siya’y naghahangad ng dagdag pa ng Iyong Espiritu, Panginoon. Ipinagkakaloob ko ito sa kanya, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Nakikita ang mga nakalipas niyang mga gawa, na nagsisikap siyang makasunod sa Iyo, kung ganoon, sa pamamagitan ng Kapangyarihan ng isang—isang atas na ibinigay sa akin ni Jesus Cristo, na kinumpirma ng isang Anghel at ng isang pangitain, ipinagkakaloob ko kay Kapatid na Grimsley ang kanyang nais. Punuin Mo po siya ng puspos na pananampalataya, at isang mas malapit na paglakad ang sumakanya.

<sup>299</sup> Papaano kung sabihin ko sa iyo, “Humayo ka’t maging magaling na, alang-alang sa Kaharian ng Diyos”? Pinaniniwalaan mo ba kung anong sinabi ko tungkol sa mga squirrel na ’yun at sa mga ’yun, at naniniwala ka bang ’yun ang katotohanan? Kung ganoon, Kanyang, ipinagkakaloob Niya sa akin kung anong sasabihin ko dito sa “bundok.” . . . ? . . . Hindi ka na magkakaroon ng isa pa. Hindi ka na magkakaroon ng isa pa. Wala nang magiging karamdaman, kayong dalawa, ay kapwa gagaling na.

<sup>300</sup> Ipinagkakaloob ko ang kahilingang ito na hinihiling niya, sa kanya, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

<sup>301</sup> Diyos Ama, ipagkaloob Mo po rito, sa aming kapatid na babae, ang kanyang hinihiling, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Sige, kapatid, humayo ka na’t, sampalatayanan mo ito.

302 Ama, habang nagdaraan ang babaing ito, dalangin kong ipagkakaloob Mo sa kanya ang kanyang kahilingan, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

303 Sa Pangalan ni Jesus Cristo, ibinibigay ko sa babaing ito ang kanyang kahilingan. Amen. Huwag mo itong pag-aalinlanganan.

304 [Nakikipag-usap ang isang kapatid na babae kay Kapatid na Branham—Pat.] Nananampalataya ka bang matatanggap mo ito? [“Opo.”] Kung ganoon ay ipinagkakaloob ko sa iyo ang iyong hinihiling, sa pamamagitan ng Kapangyarihang ipinagkaloob sa akin sa pamamagitan ng isang atas ni Jesus Cristo, at pagsaksi . . . ? . . . Humayo ka, at—at ang Diyos ay sasaiyo.

305 Kapatid na Fred, anong nasa puso mo? [Nakikipag-usap si Kapatid na Sothman kay Kapatid na Branham—Pat.] Kapatid na Freddie Sothman, sinasaway ko ang lason sa iyong katawan. Lisanin ka nawa nito, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

306 Kapatid na Collins. [Nakikipag-usap si Kapatid na Collins kay Kapatid na Branham—Pat.]

307 Panginoon, hinahangad ng minamahal na kapatid na ito ang bautismo ng Espiritu Santo. Panginoon, sa lahat ng nasa akin, binibigkas ko ang Pagpapalang ito sa aking Kapatid na Collins. Ipagkaloob Mo po ito. Sumakanya nawa ang Espiritu Santo, at mapuspos nawa siya ng Espiritu Santo! Amen.

308 Kapatid na Collins, tiyak na matatanggap mo Ito, tiyak na darating Ito. Sinusubok lamang tayo ng Diyos.


309 Panginoon, ipagkaloob Mo pa ang kahilingan niya. Paglingkuran Ka nawa niya, at paglingkuran Ka ng kanyang pamilya, nang buong puso nila.

310 Diyos, ipagkaloob Mo po sa aming kapatid na babae ang kanyang kahilingan. Sa lahat ng hinihiling niya, matanggap nawa niya ito, sa pamamagitan ni Jesus Cristo na aming Panginoon. Amen.

311 Panginoon, pagkalooban Mo po ang kapatid na ito ng kalakasan upang matulungan ang kanyang iglesya. Ipagkaloob nawa ito. Ibinibigay ko sa kanya ang kalakasang ito, sa pamamagitan ni Jesus Cristo. Amen.

312 [Nakikipag-usap ang isang kapatid na babae kay Kapatid na Branham—Pat.] Kapatid, hindi kanais-nais na bagay 'yan na mayroon ka, pagkanerbiyos. Naniniwala ka bang ang sasabihin ko sa iyo'y totoo? [“Opo, naniniwala ako.”] Naniniwala ka ba na ngayon, na ang aking—aking sinabi sa iyo ay katotoohanan? [“Opo.”] Kung ganoon ipinagkakaloob ko sa iyo ang iyong kagalingan, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo. Nang sintiyak ng pagkakatayo ko rito sa pulpito, wala na sa'yo ang iyong pagkanerbiyos.

<sup>313</sup> [Nakikipag-usap ang isang kapatid na lalaki kay Kapatid na Branham—Pat.]...?...Kapansin-pansin nga, sa buong pagkakatayo mo.

<sup>314</sup> Panginoong Diyos, sa minamahal kong munting kapatid dito, ang kalaliman at kaibuturan ng kanyang espiritu'y tumatawag gaya ng tumatawag ang kalaliman sa Kalaliman. Inaasam niya ang Espiritu Santo. Iiginalang niya ang Iyong gawain, Panginoon, sa lahat ng paraan na magagawa niya. Sa pamamagitan ng Kapangyarihan ng Espiritu Santo, dumating nawa Ito sa aking kapatid, at mapuspos siya ng Kapangyarihan at biyaya ng Diyos, ang Espiritu Santo. Iyo pong tanggapin siya, habang itinatagubilin ko siya sa . . . 

*HUMAYO, SABIHIN* TAG60-0417M  
(Go, Tell)

SERYE NG MGA MENSAHE PARA SA PASKO NG PAGKABUHAY

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong umaga ng Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay, Abril 17, 1960, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A, ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2022 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)